Teknolohiya	Kabihasan	Magandang Epekto sa Lipunan
	Aprika	
	Amerika	
	Sa mga Isla sa Pasipiko	



Sagutin mo ang mga tanong:

1. Ano-ano ang mga teknolohiya na umunlad sa kabihasan ng Aprika, Amerika at sa mga isla sa Pasipiko?

2. Paano nito napagaan ang buhay ng mga tao sa kanilang panahon?

3. Ano kaya ang pagkakahawig ng mga tekonolohiyang nabanggit sa makabagong tekonolohiya natin sa kasalukuyan?

4. Uunlad kaya ang kabihasnang Aprika, Amerika at mga isla sa Pasipiko kung walang teknolohiya sa panahon nila? Bakit mo ito nasabi?

5. Ang pag-unlad ba ng teknolohiya ay nangangahulugan ng pag-unlad at pagkakaroon ng pagkakakilanlan ang isang bansa? Pangatwiranan?

GAWAIN 12. BU-hay-KO

Basahin ang mga sumusunod na *link* sa ibaba. Gamit ang www.evernote.com, gumawa ng tala tungkol sa iyong mga mababasa.

[Isla sa mga Pasipiko](http://www.historyworld.net/wrldhis/plaintexthistories.asp?historyid=ac05) o ang link na ito:

<http://www.historyworld.net/wrldhis/plaintexthistories.asp?historyid=ac05>

Aztec o ang link na ito: <http://aztecs.mrdonn.org/dailylife.html>

Maya o ang link na ito: <http://mayas.mrdonn.org/dailylife.html>

Inca o ang link na ito: <http://incas.mrdonn.org/common.html>

Mali o ang link na ito: <http://africa.mrdonn.org/mali.html>

Songhai o ang link na ito: <http://africa.mrdonn.org/songhay.html>

Matapos mabasa ang mga sumusunod na *link*, mamili ng tig-isang kabihasanan sa Aprika, Amerika at sa mga isla sa Pasipiko na pumukaw sa iyong atensyon. Kapag nakapili na, gawan ng komik istrip ang mga ito ayon sa iyong nabasa. Gamitin ang www.makebeliefscomix.com/Comix/ na *website* upang gumawa ng komik istrip. Sudnin ang direksyon sa *site* kung paano ito isasagawa. I-save ang iyong nagawa at ipadala sa *e-mail* ng iyong guro.



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang masasabi mo sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao noon sa nabanggit na kabihasanan?

2. Mayroon bang pagkakatulad at pagkakaiba ang mga kabihasanan na nabanggit? Kung mayroon, ano-ano ang mga ito?

3. Alin sa mga lipunan na ito na hanggang sa kasalukuyan ay mayroon pa rin? Kung mayroon, ano sa tingin mo ang dahilan bakit hanggang ngayon ay buhay pa rin ang kanilang lipunan?


4. Ano kaya ang papel ng lipunan at kultura sa pagpapaunlad at paghubog ng pagkakakilanlan ng isang bansa?

Punan ang grapikong pantulong kung ano-anong mga pandama o *senses* ang napukaw sa iyo.

<p>Sense-o-Gram Habang ginagawa mo ang mga gawain sa modyul na ito, ay isulat mo ang mga salita o parirala na nakakapukaw ng iyong mga <i>senses</i>.</p>	
	
	

GAWAIN 13. Reflective Journal

Punan ng tapat na kasagutan ang *reflective journal* sa ibaba.

<p>Ano ang mga nasusulat tungkol sa pang-aalipin sa Aprika?</p>	<p>Ano ang iyong personal na opinyon tungkol sa pang-aalipin sa Aprika?</p>
	
<p>Ano ang iyong maimumungkahi para tuluyang wakasan ang pang-aalipin sa Aprika?</p>	



Bago tayo magsimula sa susunod na bahagi ng modyul na ito, subukan mo munang gawin ang isang personal na pagtataya ng mga kasanayan. Pagnilayan at i-tsek ang mga aytem na kung saan maihahanay ang antas ng iyong kasanayan.

Sa pamamagitan ng grapikong pantulong sa ibaba, makikita mo ang mga kasanayan na dapat nalinang mo sa pag-aaral ng modyul na ito. Lagyan mo ng tsek ang kolum na sa iyong pagtingin ay antas o lebel ng iyong pagkaunawa. Nasa ibaba ang deskripyon.

3. **KG**..Katangi-tangi **M**...Mahusay **KM**..Katamtaman **KP**..Kailangan pa ng
4. Dagdag Pagsasanay

Kasanayan	KG	M	KM	KP
1. Nakapagsasaliksik ng mga datos.
2. Nakapagpapaliwanag ng mga datos
3. Nakagagawa ng paglalarawan ng iba't ibang kabihasan
4. Nakagagamit ng mga materyales mula sa teknolohiya.
5. Nakapagsusuri ng mga dokumento.
6. Nakapagbubuo ng angkop na pagbubuo

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Binabati Kita at natapos mo na ang bahagi ng PAGLINANG para sa araling ito.

Ngayong may sapat ka ng kaalaman at pag-unawa ukol sa iba't ibang aspekto ng buhay sa kabihasan ng Aprika, Amerika at sa mga isla sa Pasipiko. Maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng modyul na ito upang mapalalim at mapalawak pa iyong pag-unawa ukol sa paksang ito.



PAGPAPALALIM

Sa bahaging ito pagtitibayan mo ang mga nabuong pag-unawa ukol sa paksa. Inaasahan din na sa bahaging ito ay kritikal na masusuri mo ang aspekto ng buhay sa bawat kabihasan sa Aprika, Amerika at sa mga isla sa Pasipiko.

GAWAIN 14. Off Target


Gawain 15: Off Target

Sagutan ng buong husay ang tanong sa ibaba.

Sinasabi nila na ang mga kabihasnang Aztec, Inca at Maya ay magkakatulad lamang. Mayroon ba itong katotohanan o wala? Pangatwiranan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga ebidensya o pagsuporta sa iyong kasagutan.

GAWAIN 15. COMPARE and CONTRAST

Punan ang grapikong pantulong na nasa ibaba. Ilagay ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga kabihasan sa Aprika, Amerika at sa mga isla sa Pasipiko.





Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga pagkakaiba ng mga kabihasan sa Aprika, Amerika at sa mga isla sa Pasipiko?

2. Ano-ano ang mga pagkakatulad ng mga kabihasan sa Aprika, Amerika at sa mga isla sa Pasipiko?

3. Ano kaya sa tingin mo ang dahilan bakit may pagkakatulad at pagkakaiba ang mga kabihasan sa Aprika, Amerika at sa mga isla sa Pasipiko?

4. Paano nakatulong ang pagkakatulad at pagkakaiba na ito sa pag-unlad at paghubog ng pagkakakilanlan ng mga bansa sa daigdig?

GAWAIN 16. Lesson Closure

Punan ang *Summary-Lesson Closure Chart* na nasa ibaba.

Sa araling ito,

Isang mahalagang ideya dito ay ang

_____. Importante ito sa _____ kadahilanang

Isa pang konspeto na

_____. Ito rin ay mahalaga dahil

Bilang paglalahat, ang aralin na ito ay

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Binabati Kita!

Ngayong napalalim na natin ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol sa pag-unlad at pahubog ng pagkakakilanlan ng mga bansa, maaari ka nang tumungo sa bahaging PAGLILIPAT ng modyul na ito. Sa bahaging ito, ilalapat mo ang mga kasanayang iyong nalinang.



PAGLILIPAT

Sa bahaging ito, inaasahan kang mailalapat mo sa totoong buhay ang mga pinagtibay at nabuong pag-unawa tungkol sa paksa. Inaasahan kang magagamit ang mga kaalaman at pag-unawa ukol sa mga pangyayari sa iba't ibang kabihasan sa Aprika, Amerika at sa mga isla sa Pasipiko na nagbigay-daan sa pag-unlad at paghubog ng pagkakakilanlan ng mga bansa.

GAWAIN 17. Research Paper



Magkakaroon ng isang *mini-paper presentation* ang AP Club sa mga mag-aaral ng baitang 8. Ang nasabing *paper presentation* ay tungkol sa kahalagahan ng pag-unlad ng mga klasikal na kabihasan sa Aprika, Amerika at mga pulo sa Pasipiko. May laya ang mga mag-aaral na pumili kung anong kabihasan ang susulatin. Ikaw ang napili ng iyong seksyon para sumali sa nasabing *paper presentation*. Ang *papel* na iyong ipapasa mamarkahan batay sa mga sumusunod na pamantayan: kaalaman sa paksa, pagbuo ng argumento, pinaghalawan ng datos, organisasyon.

LEVEL 2

RUBRIK PARA SA RESEARCH PAPER

PAMANTAYAN	NAMUMUKOD-TANGI 4	KASIYA-SIYA 3	NALILINANG 2	NAGSISIMULA PA LAMANG 1
KAALAMAN SA PAKSA	Ang lahat ng impormasyon na nailahad ay may malinaw na kaugnayan sa pangunahing paksa. Nagbigay ng detalye at maraming halimbawa at iba pang pangsuportang impormasyon. Nasasaklaw ang kabuuang paksa ng gawaing ito. Sobrang linaw at napakadali ng maunawaan ang mga paksa ng gawain.	Ang karamihan ng impormasyon ay malinaw ang kaugnayan sa pangunahing paksa. Apat hanggang anim ang halimbawang inilahad para suportahan ang punto. Pang-kalahatang nasaklaw ang pangunahing paksa ng gawaing ito. Malinaw at nauunawaan ang mga paksa ng gawain.	Ang ilang impormasyon na inilahad ay may bahagyang kaugnayan sa pangunahing paksa. Isa hanggang tatlong ang ginamit na halimbawa para suportahan ang punto. May ilang bahagi sa gawain na hindi malinaw at hindi maintindihan.	Ang mga impormasyong nailahad ay walang kaugnayan sa pangunahing paksa. Hindi maintindihan ang mga paksang binabanggit sa gawain. Hindi kapupulutan ng kaalaman.
PINAG-HALAWAN NG DATOS	Ang lahat ng mga impormasyon na inilahad ay ibinatay sa iba't ibang saligan ng kaalaman tulad ng mga aklat, pahayagan,	Ang karamihan ng mga impormasyon na inilahad ay ibinatay sa iba't ibang saligan ng kaalaman tulad ng mga aklat, video clips,	Ibinatay lamang sa iilang saligang kaalaman ang mga impormasyong ginamit sa gawaing ito. May mga	Ang mga impormasyong inilahad sa gawaing ito ay walang malinaw na batayang pinagkunan. Gawa-gawa lamang ang mga

	<i>video clips, interview, radio, websites</i> at iba pa. Lahat ng <i>websites</i> na pinaghalawan ng mga datos ay galing sa mapagkakatiwalaan at nagpapakita ng napapanahong kaisipan mula sa <i>websites</i> .	interview, radio, websites at iba pa. Karamihan ng websites na pinaghalawan ng mga datos ay galing sa kapani-paniwala na mga websites.	<i>websites</i> na ginamit sa gawaing ito na hindi mapagkakatiwalaan.	impormasyon na nakalahad sa gawaing ito.
ORGANISASYON	Napakahusay at kakaiba ng pagkakaorganisa ng mga paksa at makikita ang masinsing pagkakaayos ng mga ideya sa buong gawain. Payak, tumpak at tiyak ang lahat ng mga pahayag na ginamit. Madetalye ang bawat paksang inilalahad.	Maayos ang organisasyon ng mga paksa at maayos ang mga ideya sa kalakhang bahagi ng Gawain. Payak, tumpak at tiyak ang karamihang pahayag na ginamit. Detalyado ang karamihang paksang inilalahad.	May iilang bahagi na kakikitaan ng organisasyon sa mga paksang inilalahad. Iilan ang mga pahayag na payak, tumpak at tiyak na ginamit. May mga mali sa ibang bahagi. Payak ang iilang paksa na inilalahad.	Walang organisasyon ang mga paksang inilalahad. Kalat-kalat ang mga ideya at walang ayos na sinusunod. Malabo, walang katiyakan at paliguy-ligoy ang ulat. Malawak at hindi maintindihan ang paksang inilalahad.
PAGBUO NG ARGUMENTO	Malinaw, malalim at maayos ang pagkalahad ng mga argumento sa <i>research paper</i> . Sistematikong nailahad ang mga argumento.	Malinaw ang argument na inilalahad sa <i>research paper</i> . Naipabatid ng manunulat ang kanyang punto ng maayos.	Sinubukang isulat ng malinaw ang mga punto ng manunulat ngunit nagkulang sa paglalahad. Hindi kinakitaan ng sistematikong paglalahad ng mga argumento.	Walang saysay ang mga argumentong inilalahad sa pananaliksik. Walang koneksyon ang mga nailahad na argumento sa paksa.
				KABUANG RATING

GAWAIN 18. Pagyabong ng Aking Kaalaman

Sagutan mo ang lahat ng hanay ng tsart na ito.





ANG AKING ALAM



NAIS MALAMAN



MGA NATUTUHAN



Pagkakakilalan ng mga bansa sa Aprika, Amerika at mga pulo sa Pasipiko

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Binabati Kita!
 Natapos mo na ngayon ang paglilipat sa aralin na ito.
 Natapos mo ng maipakita ang iyong kaalaman at pag-unawa sa pag-unlad at paghubog ng pagkakakilanlan ng mga bansa sa daigdig.
 Maaari ka ng tumungo sa susunod na aralin para malaman naman ang mga pangyayari sa daigdig sa panahon ng transisyon.

PANGHULING PAGTATAYA



Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan.

I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, maaari kang pumunta sa susunod na modyul.

Kung ang nakuha mong iskor ay wala sa inaasahang lebel o antas, kailangan mong balikang muli ang modyul.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. I-klik ang titik nang napili mong sagot.

1. Sino ang sinasabing pinakamakapangyarihan sa mga midyibal na imperyo sa kanlurang Aprika. Sino sila?
 - a. Imperyong Mali
 - b. Imperyong Songhai
 - c. Imperyong Asante
 - d. Imperyong Sonike
2. Ano ang isa ito sa pinakamagandang arkitekturang nagawa sa Gresya at kilala rin bilang Templo ni Athena?
 - a. Acropolis
 - b. Colosseum
 - c. Olympic Stadium
 - d. Parthenon
3. Ano ang isa sa sinaunang lungsod sa Kabihasan ng Inca. Ito ang naging UNESCO World Heritage Site noong 1983 at naging isa naman sa *New Seven Wonders of the World* noong 2007?
 - a. Patallacta
 - b. Pisac
 - c. Machu Picchu
 - d. Winaywayna
4. Bukod sa Roma, ano pang bansa ang sangkot sa naganap na digmaang Punic?
 - a. Sicily.
 - b. Corsica.
 - c. Sardinia.
 - d. Carthage

5. Ang demokrasya ay isa sa pinakamahalagang ambag ng mga Griyego sa kultura sa daigdig. Ano ang ibig sabihin ng demokrasya?
 - e. Ito ay sistema ng pamahalaan na naging dahilan kung bakit kinainggitan at kinakatakutan ang Athens.
 - f. Ito ay pinamumunuan ng pinakamahusay na tao.
 - g. Ang kapangyarihan ng estado ay nagmumula sa iisang tao.
 - h. Ito ay uri ng pamahalaan na ang kapangyarihan ay nasa kamay ng mga mamamayan.

6. Ang sabi ng World Bank, 80% ng mga logging products na galing sa Peru ay ilegal na pinupuslit papuntang Amerika. Ano ang pangmatagalang epekto ng *illegal logging* sa Peru?
 - a. Mawawalan ng trabaho ang mga *loggers* dahil sa pagkaubos ng puno.
 - b. Babagsak ang agrikultural na ekonomiya ng Peru.
 - c. Mauubos ang mga *glaciers* na nasa kabundukan ng Peru.
 - d. Aasenso ang Peru at magkakaroon ng maraming *mega-city*.

7. Naabot ng Athens ang pinakamataas na antas ng kabihasan sa larangan ng politika at kultura sa silangang Mediterranean ngunit bumasak pa rin ito. Ano ang naging dahilan ng pagbagsak nito?
 - a. Labis itong kinainggitan at kinakatakutan.
 - b. Marami ang hindi nakikiisa sa imperyo ng Athens.
 - c. Maraming tao sa kanilang mga nasasakupan ang nagsilikas.
 - d. Sila ay nasakop ng Sparta.

8. Ang larawan sa ibaba ay tinatawag na *African Tsunami*. Bakit sa tingin mo, *tsunami* ang tawag nila sa larawan?



- a. Dahil kapag nagkaroon ng *sandstorm* ay parang *tsunami*
 - b. Dahil ang Africa ay punong-puno ng tuyong lupain
 - c. Dahil ang Africa ay parang nadaanan ng *tsunami* na maraming namamatay dahil sa gutom
 - d. Biglang-bigla na lang dumarating ang taggutom sa Africa na parang *tsunami*
9. Ano ang ibig sabihin ng *The Glory that was Greece* ?
 - e. Mataas na kultura ang nalinang dito.
 - f. Natalo ng Greece ang Persia.
 - g. Ang mga diyos ng mga Griyego ay naninirahan sa Mt. Olympus.

- h. Maraming magandang palamuti at disensyong nagawa ang mga Griyego.
10. Anong bansa ang hugis -bota na makikita sa hilaga ng Dagat Mediterranean?
- e. Greece
 - f. Egypt
 - g. Italy
 - h. Rome
11. Isa sa naiambag ng kabihasnang Inca ay ang *aqueduct*. Ano sa tingin mo ang magiging epekto kung hindi nila ito natuklasan?
- a. Mas hahaba ang pagtagal ng kabihasnang Inca
 - b. Mas yayabong ang kanilang pakikipag-kalakalan sa ibang kabihasnang
 - c. Mas maraming masisirang bahay at daan kapag umuulan
 - d. Mas maraming maghihirap dahil walang trabaho sa lugar.
12. Ayon kay Arthur Evans, sa Crete unang umusbong ang sinaunang kabihasnang sa Greece. Bakit dito ang ugat ng sinaunang kabihasnang sa Greece?
- a. Ang Crete ay istrategikong isla sa Dagat Aegean.
 - b. Ang mga natagpuang labi sa islang ito ay nagpapakita na mataas ang kabihasnang nabuo dito.
 - c. Sa Crete makikita ang pinagsamang kultura ng mga Minoan at Achaean.
 - d. Ang mga Cretan ay may kaalaman sa Matematika, paghabi, at paggawa ng mga kagamitang tanso.
13. Ang kabihasnang klasikal sa Greece at Rome ang naging dahilan upang makilala ang Europa sa daigdig. Paano ito nakilala?
- a. Malaki ang mga nagawa ng Greece at Rome.
 - b. Ang mga nagawa ng Greece at Rome ay kahanga-hanga.
 - c. Malaki ang naging impluwensiya ng Greece at Rome sa kultura ng daigdig.
 - d. Naging makapangyarihan ang Europa dahil sa mga pinunong naging makapangyarihan sa Greece at Rome.
14. Ang *savanna* ang bahaging sakahan sa Africa na malapit sa ekwador. Nasa dakong timog ito ng Sahara mula baybayin ng Karagatang Atlantic hanggang sa kanlurang Karagatang Indian. Ano sa tingin ko ang importansya ng *savanna* sa buhay ng mga Aprikano noon?
- a. Dito sila nagtatayo ng mga bahay dahil hindi masyadong mainit ang klima.
 - b. Dito sila nagsasagawa ng kanilang mga ritwal sa kanilang mga diyos.
 - c. Dito sila nagmimina ng mga mineral na iron, nickel, at copper.
 - d. Dito nila nakukuha ang kanilang pagkain tulad ng mga hayop, mga root crops, at iba pa.

15. Ang mga Spartans ay lubos na hinangaan ng mundo sa labanan sa Thermopylae. Bakit nakilala ang mga Spartans sa digmaang ito?
 - a. Nagawa nilang harangin ang mga Persyano sa Greece.
 - b. Tanging ang 300 na Spartans lumaban sa mga Persyano.
 - c. Kanilang naipakita ang kanilang katapangan sa labanang ito.
 - d. Sila ay nagwago sa labanang ito.
16. Nagdiriwang ang inyong paaralan ng taunang patimpalak ng African Week. Ang mga mag-aaral ay magtatampok ng mga artifact exhibit. Bilang isang propesor ng Kasaysayan, nilapitan ka ng mga organiers ng patimpalak upang humingi ng tulong para sa gagamiting krayterya sa pagpili ng mananalò. Ano sa tingin mo ang nararapat na krayterya na gagamitin?
 - a. Organisasyon, kaalaman tungkol sa artifact, Pulido ang pagkakangawa
 - b. Oras, gamit ng espasyo, gamit ng mga kulay, pagkamalikhain
 - c. Pagkamalikhain, laki ng artifacts, kawastuhan ng datos, madaling matandaan
 - d. Disenyo, simbolo, modelo, organisasyon
17. Inatasan ka ng iyong guro sa Araling Panlipunan na gumawa ng balita ukol sa mga kabihasnang klasikal sa Europa. Alin sa mga sumusunod ang hindi nararapat isaalang-alang sa pagsulat ng balita?
 - a. Isaad kung ano ang naganap, sino ang mga tao na sangkot, saan naganap, at ano ang kalagahan ng pangyayari.
 - b. Isaad at ano ang kahalagahan ng pangyayari.
 - c. Isaad ang pinakamahalagang detalye ng artikulo sa unang talata.
 - d. Laging isaisip ang balangkas ng proyektong akda.
18. Ikaw ang ambassador ng Pilipinas sa South Africa. Kamakailan lamang ay namatay ang kanilang dating pangulo na si Nelson Madela. Inatasan ka ng Pangulong Aquino na mamili ng isang painting mula sa personal na koleksyon niya para maging handog parangal sa pamilya ni Mandela. Ano kaya ang nararapat na batayan sa pagpili ng painting para sa pamilya ni Madela?
 - a. Pagkamalikhain, kulay na napili, laki ng larawan
 - b. Komposisyon, pinaghalawan ng inspirasyon, paliwanag, presentasyon
 - c. Laki ng larawan, simbolo, kawastuhan ng datos, oras
 - d. Lugar, oras, organisasyon, modelo
19. Magkakaroon ng debate sa inyong silid-aralan ukol sa “Makatarungan ba o Hindi Makatarungan ang Kodigo ni Hammurabi.” Isa ka sa mga kalahok. Alin sa mga sumusunod ang hindi nararapat isaalang-alang sa pakikipagdebate?
 - a. Isaalang-alang ang antas ng pag-unawa ng mga nakikinig.
 - b. Kailangan walang katumbas na katibayan ang lahat ng katwiran at hindi ito nakalahad sa isang maayos na pagpapahayag.

- c. Ilahad nang maayos at mahinahon ang mga mali sa katwiran at kalaban.
 - d. Ipaliwanag ang mga kahinaan ng mga ebidensiya o patunay na inilahad ng kalaban.
20. Bilang mag-aaral sa kasaysayan ng daigddig, inatasan ka ng iyong guro na ipalaganap ang mga naging ambag ng mga klasikal na kabihasan sa Europa sa iyon unibersidad sa loob ng isang araw lamang. Paano mo ito magagawa?
- a. Magpunta sa bawat klase at ipahayag ang mga naging ambag ng mga klasikal na kabihasan sa Europa.
 - b. Magpasimula ng isang simposyum ukol sa mga klasikal na kabihasan sa Europa.
 - c. Mamahagi ng brochure na naglalarawan ng mga naging ambag ng mga sinaunang klasikal na kabihasan sa Europa at ang kalagahan nito.
 - d. Magpapalabas ng dula-dulaan ukol sa mga naging ambag ng sinaunang kabihasan sa Asya.

GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL

Arkitektura -- Ang sining at agham ng pagdidibuho ng mga gusali. Sa isang malawak na kahulugan, mula sa mataas na antas ng pagpapaplano ng bayan, dibuhong urbano, at arkitekturang pantanawin hanggang sa mababang antas ng pagdibuho ng kasangkapan o produkto, at kabilang sa sakop nito ang pagdibuho ng kabuuang ginawa o kinathang kapaligiran.

Kabihasanan - Tumutukoy sa kinagawian at pinipino *ng* maraming pangkat *ng* tao. *Kabihasanan ibig sabihin* ay sibilisasyon.

Klasikal – Tumutukoy ito sa isang bagay o penomenon na sa nakaraan.

Pag-usbong – Nangangahulugan ito ng pagyabong o pag-unlad ng isang lugar o sibilisasyon.

Pinuno – Siya ang namumuno sa isang lugar o kabihasanan. Siya ang namamalakad sa kanyang nasasakupan.

Slavery -- Isang uri ng sapilitang paggawa na kung saan itinuturing o tinatratro ang isang tao bilang pagmamay-ari ng iba. Inaari ang mga alipin na labag sa kanilang kalooban mula nang sila'y nabihag, nabili o isinilang, at inaalis ng karapatang magbakasyon, tanggihang magtrabaho, o tumanggap ng bayad (katulad ng sahod).

TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

Bentley, Jerry H., ed. *The Oxford Handbook of World History* (Oxford University Press, 2011)

Christopher Bayly, *The Birth of the Modern World: Global Connections and Comparisons, 1780–1914* (London, 2004)

Mark Jarzombek, *Architecture of First Societies: A Global Perspective*, (New York: Wiley & Sons, August 2013)

McNeill, William H., Jerry H. Bentley, and David Christian, eds. *Berkshire Encyclopedia Of World History* (5 vol 2005)

Roberts, J. M., *The New Penguin History of the World* (2007)

Stearns, Peter N. ed. *Oxford Encyclopedia of the Modern World: 1750 to the Present* (8 vol. 2008)

ONLINE RESOURCES

African Stories. [Video File] Retrieved from
<http://www.youtube.com/watch?v=kIUuRADwXEw&list=PLE0A1E66CDD34950B>
(Mapapanood dito ang isang African Story)

African Stories. [Video File] Retrieved from
<http://www.youtube.com/watch?v=zG9eknk6mqw&list=PLE0A1E66CDD34950B>
(Mapapanood dito ang isang African Story)

Pacific Island Stories. [Video File] Retrieved from
<http://www.youtube.com/watch?v=tWvoTZxvEs8&list=PLhnAJRhqe3aNdXQXVY0orhiwj6OdDlwcs> (Mapapanood dito ang isang Pacific Island Story)

Blog Post. [General Format] Retrieved from
<http://ap3worldhistory.blogspot.com/2014/06/maps-of-ancient-civilizations.html>
(Makikita dito ang mga ancient Maps)

Author. (2003) Government of Ancient Mali. [Blog Post] Retrieved from
<http://www.fcps.edu/KingsParkES/technology/mali/malipeo.htm> (Makikita dito ang dating pinuno ng Kabihasnang Mali)

Author. (2012) Inca Civilization. [Blog Post] Retrieved from
http://www.crystalinks.com/inca_civilization.html (Makikita ang Incan Civilization sa link na ito)

Author. (2013) Ancient Aztec Government. [Blog Post] Retrieved from
<http://www.aztec-history.com/ancient-aztec-government.html> (Ang site na ito ay para sa ancient government form ng mga Aztec)

Author. Polynesian History and Origin. [Blog Post] Retrieved from
<http://www.pbs.org/wayfinders/polynesian3.html> (mababasa dito ang origin ng history ng Polynesia)

Donn, Lin. (2014) [Blog Post] Retrieved from
<http://incas.mrdonn.org/architecture.html> (Makikita sa site ang iba't ibang arkitektura ng Incas)

Owen, Jaruz. (2013) [Online Article] Retrieved from
<http://www.livescience.com/41346-the-incas-history-of-andean-empire.html>
(Makikita ang Incan Origins)

Aralin 3: Ang Daigdig sa Panahon ng Transisyon

Panimula at mga Pokus na Tanong

Naitanong mo na ba ang iyong sarili kung ano ang mahalagang papel ang ginagampanan ng simbahan maliban sa pagpapalaganap ng mga aral ng Diyos? Sa iyong palagay, bakit mahalagang malaman mo ang mga ito?

Sa araling ito, inaasahang malaman mo ang mga kaganapan ng nakaraang panahon tungkol sa nagging papel ng simbahan at ang nagging impluwensya nito noon hanggang sa kasalukuyang panahon. Inaasahan din na masasagot moa ng mga sumusunod na tanong matapos ang araling ito.

1. Ano ang naging papel ng Simbahan sa Kanlurang Europe noong gitnang panahon?
2. Ano ang krusada at bakit ito naganap?
3. Dapat nga bang magsama o hindi ang simbahan at pamahalaan sa pagpapatakbo ng bansa?

SAKLAW NG ARALIN

Ang araling ito ay naglalaman ng mga sumusunod na paksa:

Pamagat	Matutuhan mo ang...	Bilang ng Oras/ Sesyon
<p>Ang Daigdig sa Panahon ng Transisyon</p> <ol style="list-style-type: none"> a. Mga Pangyayaring nagbigay-daan sa Pag-usbong ng Europe sa Gitnang Panahon b. Ang Paglakas ng Simbahang Katoliko bilang isang institusyon sa Gitnang Panahon c. Ang Holy Roman Empire d. Ang Paglunsad ng mga Krusada 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipapaliwanag ang mga dahilan at bunga ng mga Krusada sa Gitnang Panahon. 2. Nasusuri ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong ng Europe sa Gitnang Panahon 3. Nasusuri ang mga dahilan at bunga ng paglakas ng Simbahang Katoliko bilang isang institusyon sa Gitnang Panahon. 4. Nasusuri ang mga kaganapang nagbigay-daan sa pagkabuo ng “Holy Roman Empire”. 	

Concept Map ng Aralin

Narito ang isang simpleng mapa ng mga araling sakop ng araling ito.

Aralin 3: Ang Daigdig sa Panahon ng Tansisyon



Inaasahang Kasanayan

Upang mahusay na masagutan ang modyul at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Nakapagsasaliksik ng mga datos.
2. Nakapagsusuri ng mga primaryang sanggunian o dokumento
3. Napapahalagahan ang mga kontribusyon ng mga pangyayari sa Klasikal at Transisyonal na Panahon sa kasaysayan ng daigdig
4. Nakagagamit ng mga materyales mula sa teknolohiya.
5. Nakagagawa ng mga grapikong pantulong sa pag-unawa
6. Nakabubuo ng konseptong mapa.
7. Nakapagmumungkahi ng ideya at saloobin ukol sa paksa.
8. Nakikilahok sa pangkatang talakayan.

PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan ng pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong, I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Sa kasaysayan, sinasabing hindi naging matagumpay ang Krusada ngunit ito ay mayroong magandang naidulot sa kristiyanismo. Ano ang magandang naidulot nito?
 - a. Ang paglakas ng kapangyarihan at impluwensya ng Simbahan sa pamahalaan
 - b. Ang pagiging bahagi ng maraming lider gaya ng mga hari sa mga krusada
 - c. Ang patuloy na pagyabong at pag-unlad ng kultura ng Simbahan
 - d. Ang pagkilala sa Kristiyanismo sa buong mundo
2. Sa pagsapit ng Gitnang Panahon higit pang nagging malakas ang impluwensiya ng simbahan sa kabuuan ng Europa. Maliban sa mga usaping may kinalaman sa relihiyon, ito rin ay may karapatang manghimasok sa paraan ng pamamahala ng gobyerno. Ano ang malinaw na naging epekto nito sa pamumuhay ng mga tao noon?
 - a. Nahirapan ang mga tao dahil sa laging nagtatalo ang mga lider ng simbahan at gobyerno.
 - b. Nagkaroon ng kaayusan sa pamamala at ang mga tao ay naprotektahan laban sa mga mapang-abusong pinuno
 - c. Ang mga mamamayan ay nagkaroon ng partisipasyon sa usaping pampamahalaan at panrelihiyom
 - d. Marami sa mga mamamayan ay naging interisado na pumasok sa banal na pamumuhay sa simban at maging bahagi ng pamahalaan
3. Ilan sa mga dahilan kung bakit tuluyang bumagsak ang Emperyong Romano at dahil sa ang mga mamamayan ay nawalan ng tiwala sa pamahalaan dahil sa laganap na kurapsyon, patuloy na pagbagsak ng ekonomiya at pagbaba ng antas ng pamumuhay ng mga tao dahil sa sunod-sunod na mga

digmaan. Ang mga sitwasyong ito ay unti-unting nagbago ng dumating ang Relihiyong Kristiyanismo. Sa panahon naman na ito, binigyang kalayaan ng Emperyo ang pagpasok ng iba't ibang paniniwala na nagbigay daan para mapalaganap ng Kristiyanismo ang kanyang mga aral. Paglipas ng ilang panahon, ang Kristiyanismo ay nagkaroon ng impluwensya sa pamamahala ng gobyerno na naging daan para magkaroon ng kaayusan sa pamumuhay ng maraming mamamayan sa Europa. Sa kasalukuyang panahon, mayroon ng seperasyon ang kapangyarihan ng pamahalaan at simbahan. Ang maraming mga bansa sa ngayon ay nakararanas iba't ibang mga suliraning nakakasagabal sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga mamamayan. Batay sa tatlong mga sitwasyong nabanggit, ano ang mabubuo mong konklusyon?

- a. Ang Simbahan at Pamahalaan kalian man ay hindi dapat magsama sa pamamahala ng isang bansa upang maiwasan ang iba't ibang suliranin
 - b. Ang simbahan at pamahalaan ay parehong may malaking papel na ginagampanan sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga mamamayan
 - c. Kailangang ibalik ang panahon kung saan ang simbahan ay nakikibahagi sa pagdedesisyon ng pamahalaan.
 - d. Hindi dapat hayaan ng pamahalaan a makialam ang simbahan sa mga usaping may kinalaman sa pagpapaunad ng pamumuhay ng tao dahi ang tanging tungkulin lamang nito ay ipalaganap ang mga aral ng relihiyon.
4. Kalian nagsimulang lumakas ang kapangyarihan at impluensiya ng Simbahan sa imperyong Romano?
- a. Nakita ng simbahan na marami na ang mga suliraning kinakaharap ng pamahalaan kaya sila nanghimasok sa paraan ng pamamahala ng imperyo.
 - b. Bumagsak ang pananalakay ng mga barbaro sa kanlurang bahaging bansa at ang imperyo ay nagkawatak-watak.
 - c. Inutos ng hari ng mga Frank na si Clovis na manghimasok ang simbahan sa mga usaping pamamalakad sa imperyo.
 - d. Sunod-sunod ang mga digmaan kaya naging madali para sa simbahan na makialam sa mga usaping pampamahalaan
5. Ang inyong simbahan ay magdaraos ng isang exhibit tungkol sa kasaysayan ng simbahan at ang mga nagging kontribusyon nito sa mundo. Ikaw ay naatasan gumawa ng isang presentasyon na magpapakita ng pagpapahalaga dito sa pamamagitan ng isang Audio Visual Presentation. Para matiyak ang pagiging epektibo ang iyong AVP, alin sa mga sumusunod na pamantayan ang iyong gagamitin?
- a. Maganda ang mga larawang gagamitin na sasabayan nng musikang likha noong panahon ng kabihasnang klasikal
 - b. Magpapakita ng mga larawan at isasama ang sariling opiniyon at obserbasyon kung ano ang mga kontribusyon ng simbahan sa mundo
 - c. Pagpapakita ng mga larawan ng iba't ibang kaganapan noong panahon ng kabihasnang klasikal na may kasamang teksto para maipaliwanag ang paksa.


- d. Ipaliliwanag sa sariling pananalita ang mga tekstong nakuha sa pananaliksik at magpapakita ng mga larawan para higit na masuportahan ang presentasyon.

 **PAGTUKLAS**

GAWAIN 1. Picture.Picture.

Simulan natin ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa ilang mga katanungan matapos mo suriin ang isang larawan.




 Sagutin ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga nakita mo sa larawan? Ipaliwanag kung ano ang iyong pagkakaunawa dito.

2. Sa iyong palagay, maari nag tumakbong opisyal ng pamahalaan ang mga pinuno ng isang relihiyosong samahan? Bakit o bakit hindi?

3. Magtala ng limang pangunahin papel na dapat gampanan ng simbahan o iba't ibang relihiyon sa isang pamayanan. I-click lamang ang mga kahon para iyong maitala ang iyong mga sagot sa *concept map*.



GAWAIN 2. IRF Chart

Gamit ang **IRF Chart** sa ibaba, isulat ang iyong sagot sa kolum ng **Initial Answer**. Sa pamamagitan nito, malalaman natin kung ano ang iyong mga unang kaalaman sa paksang tatalaking sa modyul na ito. Makatutulong ito para higit mong mapaghandaan ang mga susunod na gawain.

Tanong	Initial Answer	Revised Answer	Final Answer
Paano nakaiimpluwensya ang simbahan at pamahalaan sa paghubog ng kultura at pamumuhay ng mga mamamayan?			

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Naibahagi mo kanina ang iyong inisyal o paunang sagot sa mga isyung may kinalaman sa gampanin ng simbahan at pamahalaan sa paghubog ng kultura at pamumuhay ng mga mamamayan sa pagsagot mo sa IRF Chart. Aalamin mo ngayon ang naisagot ng iba sa mga katanungan at ang pagkakaiba nito sa sagot mo. Sa gagawing pagkukumpara ay malalaman mo kung ang iyong mga ideya ay naangkop sa standard na nais matugon sa modyul na ito. Matutunan mo rin ang iba pang konsepto na tutulong sa iyo sa pagbuo mo ng Inaasahang proyekto sa pagtatapos ng modyul. Ang proyekto ay may kinalaman sa pagbuo at pagbibigay ng isang talumpati. Simulan natin ito sa susunod na mga gawain.



PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa pagpapatuloy mo sa modyul na ito, higit na madaragdaganang iyong mga kaalaman ukol sa papel na ginampanan ng Imperyong Romano at Simbahang Katoliko sa paghubog ng pamumuhay at kultura ng mga mamamayan sa Europa. Kung hand aka na, simulan mo na ang pagsagot sa mga susunod namga gawain.

Basahin ang paghahari ng mga Frank at panoorin ang *video*.

Ang Paghahari ng mga Frank

Ang kaharian ng mga Frank ay naitatag sa Gaul (France) at noong 481 CE, hinirang si Clovis bilang hari. Sa panahon ng kanyang pamumuno, nag lunsad siya ng digmaan upang pagisahin ang lahat ng kahariang Aleman at ito ay kanyang pamunuan.

I-klik mo ang *website*



<http://www.youtube.com/watch?v=EnbTPaVs8F0>. Ito ay tungkol sa pamumuno ni Clovis. Matapos mong panoorin ang video, sagutan ang inihandang gawain.

GAWAIN 3. Si Clovis at mga Franks

Punan ng sagot ang loob ng kahon batay sa napanood na *video*. Sagutin ang tanong: Ano-ano ang mga nakuha mong ideya mula sa pinanood na *video*? Itala mo sa loob ng kahon ang mga salitang maglalarawan sa mga Franks base sa iyong napanood.

F R A N K S	



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang mga imaheng nakita mo mula sa *video*?

2. Ano-ano ang mga katangian ni Clovis bilang isang lider?

3. Paano nakaapekto sa pamumuhay ng mga mamamayan ang kanyang ginawang pamumuno?



TANDAAN

Naging matagumpay si Clovis sa ilang bahagi ng kanyang pamumuno. Isa sa mga tagumpay niya ay ang labanan sa Tollbaic. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit tuluyan niyang tinanggap ang Kristiyanismo kasama ng lahat ng mga mamamayang Frank. Dahil dito, nagbigay ng suporta ang simbahang katoliko sa pamumuno ni Clovis. Taong 511 CE, nagawang pagisahin ni Clovis ang kabuuan ng Gaul at ito ay kinilalang Dinastiyang Merovingian.

Sa pagpanaw ni Clovis, muling nakaranas ng maraming digmaan ang buong kaharian. Ito ang naging dahilan kung bakit pinag-agawan ng mga kaanak niya ang pamumuno sa dinastiya. Ang mga alkalde ng palayso ang siyang naatasang mamahala sa kaharian ngunit di nagtagal ay tuluyan na napasakamay nila ang pamumuno na naging dahilan kung bakit ang mga hari ay naging hari na laman sa pangalan.



Sa susunod na gawain, iyong makikilla ang mga naging liderng kaharian at kung ano ang kani-kaniang kontribusyon na umubog sa kasaysayan ng Europa.

Handa ka na ba?

GAWAIN 4. Lider Lider, Paano ka Mamuno?

Ilarawan ang sumusunod na lider ayon sa kani-kanilang pamamaraan ng pamamahala. I-klik ang mga *website* na nakatala sa ibaba kung saan mo makukuha ang mga datos na kakailangin mo para masagutan ang gawaing ito.

Mga website:

HISTORY OF THE FRANKS


<http://www.historyworld.net/wrldhis/plaintexthistories.asp?historyid=ab74>

MAYOR OF THE PALACE

http://en.wikipedia.org/wiki/Mayor_of_the_Palace

<http://www.britannica.com/EBchecked/topic/371074/mayor-of-the-palace>

Isulat ang iyong sagot sa loob ng grapikong pantulong.



Iba't ibang lider ang namuno sa imperyong Romano. Bawat pinuno ay may kani-kaniyang istilo o pamamaraan ng pamamalakad sa kani-kanilang nasasakupan. Sa nagdaang gawain ay nakilala mo ang ilan sa kanila. Sa susunod na gawain, makikilala mo ang isa pang lider na nagbigay ng maraming pagbabago sa kaharian. Simulan mo siyang kilalanin sa pagbabasa at pagagot sa susunod na gawain.

GAWAIN 5. Ang mga Pagbabagong hatid ni Charlemagne



The Age of Charlemagne spanned from 768 to 814. Charlemagne is referred to as Charles I in the history of France, Germany, and the Holy Roman Empire. This reflects his widespread influence throughout Western Europe, as well as parts of Central Europe. Charlemagne's reign shaped the course of history in Western Europe and to a certain degree the entire history of the Middle Ages in the West. Charlemagne was also responsible for spreading Christianity throughout large portions of Western and Central Europe. The spread of Christianity was accomplished peacefully during the flourishing of art and culture known as the Carolingian Renaissance, but it was also forcefully imposed on peoples that Charlemagne

conquered and ruled. After successfully conquering the Saxons to the east, Charlemagne strictly enforced the observance of Christianity and enforced the death penalty for the practice of German paganism, which was the most popular form of religion among the Saxons.

During Charlemagne's reign he successfully extended the influence and presence of the Frankish Empire to cover nearly the entire territory ruled by the Western Roman Empire centuries before. Throughout his lifetime, Charlemagne divided the Carolingian Empire among his three sons: Pepin, Charles the Younger, and Louis the Pious. Although this potentially set the stage for substantial divisions among the kingdom, Charles died without leaving any heirs to his holdings and Pepin died leaving only an illegitimate son (who would rule Italy until his own death). Following Charlemagne's death in 814, Louis the Pious succeeded his father as king of the Franks.

(source: <http://www.saylor.org/site/wp-content/uploads/2012/10/HIST201-1.1.1-FrankishEmpire-FINAL1.pdf>)

Matapos basahin ang artikulo, gumawa ng *concept map* bilang paglalahat ng iyong mga nakuhang ideya mula dito. I-klik lamang ang *link* na <https://bubbl.us> upang masimulan mo na ang gawain. Sundin ang panuto sa ibaba kung paano gamitin ang *website*.

Panuntunan sa Paggamit ng bubbl.us

1. Puntahan ang *website* n a <http://bubbl.us> at magregister ng *account*
2. Sundan lamang ang gabay sa paggawa ng online mind map
3. Matapos gawin ang *online mind map*, i-save ito at ipadala sa *e-mail* ng iyong guro



Sagutin mo ang mga tanong..

1. Sino si Charlemagne?

2. Ano-ano ang mga pagbabagong ginawa niya sa panahon ng kanyang pamumuno?

3. Ano ang papel na ginagampanan ng simbahan sa panahong ito ng kasaysayan?

4. Paano nakaiimpluwensiya ang simbahan at pamahalaan sa paghubog ng kultura at pamumuhay ng mga mamamayan?

GAWAIN 6. Dokumentado

Sa bahaging ito ng modyul, Ikaw ay inaasahang bumasa at magsuri ng dalawang dokumento tungkol sa Holy Roman Empire. Matapos mo basahin ang iba-ibang dokumento, kailangan mong sagutan ang mga gabay na tanong.

I-klik mo ang link na ito <http://history.howstuffworks.com/european-history/holy-roman-empire.htm> . Naglalaman ang website na ito ng mga impormasyong kakailanganin mo upang malaman ang ilang mga pangunahing katangian ng Holy Roman Empire.

Para naman sa ikalawang dokumento, i-klik mo ang <http://www.gotquestions.org/Holy-Roman-Empire.html>. Sa website na ito, basahin at itala moa ng mga kaalamang naglalarawan sa pamamahala ng emperyo, paano pinipili ang maging pinuno. Suriin mo rin kung ano ang naging papel ng simbahan sa panahong ito. Iyo ring malalaman ang ilann sa mga suliraning kinakaharap ng emperyo sa paglipas ng maraming panahon.



Sagutin mo ang mga tanong.

Sa pagsagot mo ng mga tanong, kailangan mong gamitin ang website na www.evernote.com . Matapos sagutan ang mga tanong, kailangan mong i-email sa iyong guro. I-klik lamang ang link sa ibaba upang maipadala sa iyong guro.

Panuntunan sa Paggamit ng Evernote

1. Puntahan ang website na www.evernote.com
2. Magregister ng *account* gamit ang iyong *e-mail*.
3. Sundan ang simpleng gabay sa paggamit ng evernote
4. Matapos gawin ang gawain sa www.evernote.com, i-klik ang *share* at ipadala sa *e-mail* ng guro

Email ng Guro (link)

1. Gaano kalawak ang sakop ng emperyo? Ano-ano ang mga teritoryong sakop nito?
2. Paano pinipili ang pinuno o hari ng emperyo? Magbigay ng halimbawa.
3. Tumukoy ng isang suliraning hinarap ng emperyo at kung paano ito nasolusyonan ng mga naging lider nito.
4. Paano nakaapekto ang mga pagbabago sa emperyo sa buhay ng mga mamamayan nito?



Katapusang Bahagi ng Paglinang

Kamusta ka matapos mong sagutan ang unang anim na gawain sa modyul na ito? Marahil ay marami ka nang natutuhan sa paksang ating tinatalakay. Binabati kita dahil umabot ka na sa puntong ito. Matapos mong sagutan ang mga naunang gawain, masasabi natin na mas hand aka na sa mga susunod na pagsasanay. Magagamit mo ang iyong natutuhan upang higitmo pang mapalalim ang iyong kaalaman sa ating paksa. Kung hand aka na, simulan na natin ang susunod na bahagi.

GAWAIN 7. IRF Chart

Kumusta ka na sa bahaging ito ng modyul? Gamit ang **IRF Chart** sa ibaba, isulat ang iyong sagot sa kolum ng **Revised Answer**. Sa pamamagitan nito, malalaman natin kung ano ang iyong mga bagong kaalaman sa paksang tinalakay na. Maari mo din balikan kung ano ang iyong mga unang naging sagot sa tanong sa pagsisimula ng modyul na ito. Makatutulong ito para higit mong mapaghandaan ang mga susunod na gawain.

<i>Tanong</i>	<i>Initial Answer</i>	<i>Revised Answer</i>	<i>Final Answer</i>
Paano nakaiim- pluwensya ang simbahan at pamahalaan sa paghubog ng kultura at pamu- muhay ng mga mamamayan?			



PAGPAPALALIM

Matapos mong makalap ang mga pangunahing ideya tungkol sapaghahari ng mga Frank at mga pinagdaanan nito sa ilalim ng iba't ibang pinuno, nabatid mo din ang mga mahahalagang pangyayari sa panahon ng Banal na Imperyong Romano. linaasahan na mayroon ka nang mas malalim nap ag-unawa ukol sa kasaysayan ng Banal na Imperyong Romano.

Sa bahaging ito ng modyul, tutukuyin mo ang iba pang anggulo o aspekto ng mga paksa at upang madagdagan ang iyong pang-unawa sa tanong na: Paano nakaiimpluwensiya ang simbahan at pamahalaan sa paghubog ng kultura at pamumuhay ng mga mamamayan?

Sa malaking bahagi ng Pilipinas, makikita ang maraming bilang ng mga mamamayang Kristiyano. Natanong mo na ba ang iyong sarili kung bakit marami sa mga Pilipino ang Katoliko? Naisip mo rin ba kung paano ito lumaganap sa iba-t ibang bahagi ng mundo?

Matutuhan mo rin kung paanong ang simbahang Katoliko ay itinuring na makapangyarihang institusyon sa Gitnang Panahon.

Makapagbibigay sa iyo ng mga karagdagang kaalaman ang mga susunod na gawain na makakatulong sa iyo sa kabuuan ng modyul.

Sa bahaging ito ng modyul, matututunan mo kung paanong ang Simabahang Katoliko ay itinuring makapangyarihang institusyon sa Gitnang Panahon. Ang mga susunod na

Sa bahaging ito ng modyul, matututunan mo kung paanong ang Simabahang Katoliko ay itinuring makapangyarihang institusyon sa Gitnang Panahon. Ang mga susunod na gawain ay makapagbibigay sa iyo ng mga karagdagang kaalaman tungkol sa paksa na makakatulong sayo para matapos ang kabuuan ng modyul na ito.

Ang Simbahang Katoliko sa Gitnang Panahon



TANDAAN



Naging malakas na institusyon ang Simbahang Katoliko sa kabuan ng kasaysayan ng Holy Roman Empire. Sa bahaging ito ng modyul, malalaman mo kung paano nagsimula ang paglaganap ng relihiyon sa Europe at kung paano nakaapekto ito sa paghubog ng pamumuhay ng mga mamamayan ng Europe and maging ng buong mundo.


GAWAIN 8. Panoorin at Alamin Natin

Panoorin mo ang *video podcast* ni Mr. Zoller tungkol sa paglaganap ng Kristiyanismo sa Europa. I-klik ang link na nasa ibaba: <http://www.youtube.com/watch?v=tdA8DMISJ1o> . Matapos panoorin, sagutan ang mga pagsasanay sa ibaba.



Sagutin ang mga tanong.

Ang limang (5) Pangunahing Ideya na natutuhan ko sa Video Podcast	Ilawaran ang istruktura ng Simabahang Katoliko at ang papel na ginagampanan ng Papa.	Paano nakaapekto sa paghubog ng pamumuhay ng mamamayan ang Kristiyanismo noong Gitnang Panahon?



Matapos ang panonood ko ng video podcast at pagsagot sa mga gabay na tanong, natutuhan ko na ang simbahang katoliko ay:

GAWAIN 9. Noon at Ngayon

Sa naunang gawain, iyong natutuhan ang papel na ginampanan ng simbahan sa paghubog na kasaysayan ng Europa. Sa bahaging ito ng modyul, susubukan natin kung paano mo gagamitin ang mga kaalamang ito. Sagutin ang tanong sa ibaba:


Ano-ano ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng papel ng Simbahang Katoliko sa paghubog ng pamumuhay ng mga mamamayan?

GAWAIN 10. Venn Diagram


Punan mo ng mga datos ang venn diagram. I-klik ang website sa ibaba upang masimulan mo ang pagsasanay.

Website:

http://www.readwritethink.org/files/resources/interactives/venn_diagrams/



GAWAIN 11. Ang Simbahan at Pamahalaan




Ang simbahan at pamahalaan ay dalawang institusyon na may malaking papel na ginagampanan sa kung ano ang magiging antas ng pamumuhay ng mga mamamayan. Para sa gawaing ito, sumulat ng isang sanaysay na naglalahad ng kahalagahan ng simbahan at pamahalaan sa lipunan noon at ngayon. Maglahad ng halimbawa mula sa iyong mga nakalap na impormasyon mula sa mga nabasa at natutuhan mo sa modyul na ito. Maaari ka ring mangalap pa ng higit na impormasyon gamit ang internet.

Ang Krusada ay isang gawaing inulunsad ng mga Kristiyano sa Europa sa panawagan ni Papa Urban II noong taong 1095. Tinuturin itong isang banal na pakikipaglaban laban sa mga Turkong Muslim na sumakop sa bayan ng Jerusalem. Tinuturin nilang banal na elupain ang Jerusalem at ang Palestine. Bisitahin mo ang website sa ibaba kung saan mababasa mo ang kabuuan ng istorya tungkol sa paglaganap ng iba't ibang krusada at ang naging epekto nito sa kasaysayan ng Kristiyanismo. I-klik ang <http://en.wikipedia.org/wiki/Crusades>

GAWAIN 12. Anong Ibig Sabihin Nito?

Matapos mo basahin ang mga website, punan ang tsart sa ibaba at magbigay ng tatlong pangunahing ideya ang nalaman mo tungkol sa Krusada.



GAWAIN 13. Ang Mga Aral ng Krusada

Basahin ang website na www.historylearningsite.co.uk/the_crusades.htm at alamin ang iba't ibang bagay tungkol sa mga Krusadang nangyari sa kasaysayang ng Europa. Matapos gawin ito at i-klik ang site na http://www.readwritethink.org/files/resources/interactives/timeline_2/ at gumawa ng timeline mula sa mga datos na nakalap sa website na iyong binasa.

Ipadala ang natapos na timeline sa [e-mail](#) ng guro para ito ay kanyang mabasa at mabigyan ng komento at marka.

Sagutin ang mga tanong.

1. Ilan ang mga naganap na Krusada?

2. Ano-ano ang mga pagsubok ang hinarap ng mga tao sa panahon ng Krusada? Paano ito nakaaapekto sa kanila?

3. Paano bingao ng paglulunsad ng mga krusada ang pamumuhay ng mga tao?

TANDAAN



Sa nakaraang gawain, iyong natutuhan na ang bawat krusada ay may iba't ibang layunin. May ilan na nagtagumpay at mayroon ding hindi. Ipinakita sa mga krusaada na ito kung paanong ang isang samahan o maging tao ay naninindigan sa kanyang paniniwala. Bukod sa pagpapalawak ng Kristiyanismo, nakatulong din ang krusada sa iba pang larangan tulad ng kalakalan. Naging dahilan ito ng pag-unlad ng mga lungsod sa pamamagitan ng komersyo. Sa tulong din nito ay napagyaman pang higit ang kulturang Kristiyanismo.

Sa panahong ngayon, mayroon bang matatawag na makabagong krusada? Mga gawaing nagsusulong para ipaglaban ang isang bagay o para ipalaganap ang isang paniniwala? Ang ilang halimbawa ng mga ito ang mga makabagong krusada para sa magandang edukasyon, payapang bansa at tapat na pamahalaan.

Isa sa mga maituturing makabagong krusada ay ang ginagawa ni Kuya Jay Jaboneta. Sino siya at ano ang kanyang ginagawa? Panoorin mo ang video na ito na matatapan sa website ni Kuya Jay Jaboneta.

I-klik ang <http://jayjaboneta.com/2013/01/facebook-and-the-power-of-social-media-2/>

GAWAIN 14. Ang Aking Krusada



Sagutin mo ang mga tanong batay sa iyong napanood na *video*.

1. Ano ang pangunahing layuninn ng grupo ni Jay Jaboneta?

2. Paano nagsimula ang kanyang Krusada para sa mga kabataan?

3. Masasabi mo ba na kahanga-hanga ang ginagawa ni Kuya Jay at ng kanyang samahan? Pangatwiranan ang iyong sagot.

4. Kung ikaw ay mabibigyan ng pagkakataong maglunsad ng makabagong Krusada tulad ni Kuya Jay, ano ang iyong gagawin at bakit ito ang iyong napili?

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Napag-aralan natin na may iba't ibang layunin ang krusada. Ipinakita rin kung paano ang ilang tao ay nanindigan sa kanyang paniniwala. May makabagong mga krusada tulad ngedukasyon, pagsugpo ng kurapsyon, droga at iba pa.

Balikan natin ang IRF sheet kung may nabago bang pananaw mula sa iyo.

GAWAIN 15. IRF Worksheet

Gamit ang **IRF Worksheet** sa ibaba, isulat ang iyong sagot sa kolum ng **Final Answer**. Sa pamamagitan nito, malalaman natin kung ano ang iyong mga bagong kaalaman sa paksang tinalakay na. Maari mo din balikan kung ano ang iyong mga unang naging sagot sa tanong sa pagsisimula ng modyul na ito. Makatutulong ito para higit mong mapaghandaan ang mga susunod na gawain.

<i>Tanong</i>	<i>Initial Answer</i>	<i>Revised Answer</i>	<i>Final Answer</i>
<p>Paano nakaiimpluwensya ang simbahan at pamahalaan sa paghubog ng kultura at pamumuhay ng mga mamamayan?</p>			



PAGLILIPAT

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay kung paano mo magagamit ang lahat ng mga kaalamang natutuhan mo sa pang-araw-araw na buhay. Ang susunod na gawain ay iyong magagamit upang maipakita kung lubusan mo nga bang naunawaan ang kabuuan ng modyul.



GAWAIN 16. I-SPEAK Conference

Ikaw ay Lider ng isang Non-Government na inatasang makapag-bigay ng isang talumpati na makapagpapahayag ukol sa mga makabagong krusada na tutugon sa mga napapanahong suliranin ng mundo. Ang Opisyal ng Lokal na Pamahalaan ay ang siyang magiging pangunahing tagapakinig ng talumpati na gagawin sa pagdiriwang International Volunteer's day sa buong mundo sa ika-5 ng Disyembre at bilang paggunita nito sa inyong bayan, magdaraos ng kumperensiya ang iba't ibang NGO's at ikaw ang siyang kinatawan ng iyong grupo.

Ang iyong talumpati ay susuriin batay sa mga sumusunod na pamantayan:

1. Panimula
2. Nilalaman o Katawan ng Talumpati
3. Konklusyon o Pagwawakas
4. Paggamit ng mga salita
5. Kilos at Galaw
6. Oras (Tatlong Minuto)

PERFORMANCE TASK RUBRIC
Mga Pamantayan sa paggawa at Presentasyon ng Talumpati

Mga Pamantayan	4 NAPAKAHUSAY	3 MAHUSAY	2 NALILINANG	1 NAGSISIMULA
Panimula	Nakuha ang atensyon ng mga nakikinig dahil sa malinaw at napaka-epektibong paggamit ng mga paksa, datos at ideya sa simula ng talumpati ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada	Nakuha ang atensyon ng mga nakikinig dahil sa malinaw na paggamit ng mga paksa, datos at ideya sa simula ng talumpati ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada	Nakuha ang atensyon ng mga nakikinig sa ilang bahagi ng talumpati dahil sa natukoy ng maayos ang ilang mga paksa, datos at ideya sa simula ng talumpati ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada	Sinimulan sa pagbabasa ng kanyang talumpati, hindi nakuha ang atensyon ng mga nakikinig at hindi naipaliwanag ng malinaw ang mga paksa, datos at ideya sa simula ng talumpati ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada
Nilalaman o Katawan ng Talumpati	Malinaw at detalyado ang pagpa-pahayag ng adbokasiya ukol sa makabagong krusada dahil ito ay mayroong mga datos at ibang mga dagdag na kaalaman na susupportahan ng mga dokumento	Malinaw ang pagpapahayag ng adbokasiya ukol sa makabagong krusada dahil ito ay mayroong mga datos na nasusuportahan ng mga dokumento	May ilang pahayag na kailangan ng pagpapaliwanag na susupportahan ng mga at mga dokumento	Hindi malinaw ang mga pagpapahayag dahil ito ay hindi nasusuportahan ng mga datos.
Kongklusyon	Napukaw ang atensyon ng mga nakikinig	Napukaw ang atensyon ng mga	Winakasan ang talumpati sa	Hindi naging malinaw sa mga nakikinig

Pagwawakas	dahil sa napakahusay at malalim na pagbubuod ng talumpati at pagbibigay ng malinaw na posisyon/argumento ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada	nakikinig dahil sa makahusay na pagbubuod ng talumpati at pagbibigay ng posisyon/argumento ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada	pamamagitan ng pagbibigay lamang ng buod nito.	ang huling bahagi ng talumpati dahil hindi nakapagbigay ng pangwakas na pahayag.
Paggamit ng mga salita	Nakatulong ang mga salitang ginamit sa pagiging epektibo ng talumpati. Walang mali sa mga salitang ginamit. Hindi gumamit ng mga <i>vocalized pauses</i> (um uh er etc.)	Nakatulong ang mga salitang ginamit sa pagiging epektibo ng talumpati. Walang mali sa mga salitang binanggit.	Hindi nakatulong ang ilang mga salitang ginamit sa pagiging epektibo ng talumpati. May mga salita ang nabanggit ng may kamalian. Gumamit ng mga <i>vocalized pauses</i> (um uh er etc.)	Hindi nakatulong ang maraming salitang nagamit sa pagiging epektibo ng talumpati. Maraming salita ang nabanggit ng may kamalian. Gumamit ng mga <i>vocalized pauses</i> (um uh er etc.)

Kilos at Galaw	Nagamit ng wasto at epektibo ang kilos ng katawan at interaksyon sa mga nakikinig (eye contact) para maipaliwanag ang kabuuan ng talumpati.	Nagamit ng wasto ang kilos ng katawan at interaksyon sa mga nakikinig (eye contact) para maipaliwanag ang kabuuan ng talumpati.	Ang ilang kilos ng katawan ay hindi nakatutulong upang maipaliwanag ang kabuuan ng talumpati.	Hindi angkop ang mga ipinakitang kilos sa harap ng mga nakikinig kaya hindi naging epektibo ang talumpati.
Oras (Tatlong Minuto)	Natapos sa itinakdang oras na di kinakitaan ng anumang pagmamadali.	Natapos sa itinakdang oras.	Natapos ang talumpati ngunit lumampas ng isa (1) o dalawang (2) minuto.	Natapos ang talumpati ngunit lumampas ng isa (3) o higit pang minuto.

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Sa bahaging ito, nasubok ang iyong kakayahan sa pagsasalita sa harap ng mga tao at panindigan ang iyong paniniwala ukol sa isang makabagong krusada na tutugon sa mga napapanahong suliranin ng mundo. Hinahangaan kita dahil naabot mo ang bahaging ito ng modyul. Isang pagpapatunay na handa ka na sa mga susunod pang modyul.

Ano-ano ang mga natutuhan mo mula sa paggawa ng inaasahang pagganap na ito?

GAWAIN 17. Pagsusuri ng Video

Panoorin mo ang isang *video* tungkol sa mga kabataang tulad mo. I-klik ang *link* na ito <http://www.youtube.com/watch?v=jJtbTXBh1o> . Ang pamagat ng *video* na ito ay *The Lost Generation*. Matapos ito ay punan mo ang *chart* sa ibaba.

Ang mga natutuhan ko mula sa <i>video</i>	Bilang kabataan, paano ko magagamit ang mga bagay na sinabi sa <i>video</i> ?	Ang aking mensahe sa kapwa ko mga kabataan



Binabati kita! Narating mo na ang bahagi ng modyul na tatayain ang iyong nalalaman sa araling ito. I-klik ang titik ng iyong napiling sagot. Makikita mo lamang ang kabuuan ng iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong makukuhang iskor at makapapasa ka, magpapatuloy ka sa susunod na modyul. Subalit kung ang iyong nakuha ay mababa sa hinahangad na lebel, kinakailangan kang bumalik at kunin ulit ang modyul na ito.

PANGHULING PAGTATAYA



Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul. Kung ang nakuha mong iskor ay wala sa inaasahang lebel o iskor, kailangan mong balikang muli ang modyul.


Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang tawag sa pinakamagandang arkitekturang nagawa sa Gresya at kilala rin bilang Templo ni Athena?
 - e. Acropolis
 - f. Colosseum
 - g. Olympic Stadium
 - h. Parthenon
2. Isa sa naiambag ng kabihasnang Inca ay ang *aqueduct*. Ano sa tingin mo ang magiging epekto kung hindi nila ito nadiskubre?
 - a. Mas hahaba ang pagtagal ng kabihasnang Inca
 - b. Mas yayabong ang kanilang pakikipag-kalakalan sa ibang kabihasnang
 - c. Mas maraming masisirang bahay at daan kapag umuulan
 - d. Mas maraming maghihirap dahil walang trabaho sa lugar.
3. Ano ang ibig sabihin ng “The Glory that was Greece”?
 - i. Mataas na kultura ang nalinang dito.
 - j. Natalo ng Greece ang Persia.
 - k. Ang mga Diyos ng mga Griyego ay naninirahan sa Mt. Olympus.
 - l. Maraming magandang palamuti at disensyong nagawa ang mga Griyego.
4. “Ang tatlong kabihasnang sa Amerika na Maya, Aztec at Inca ay magkakaparehas.” Hindi wasto ang nasabing pangungusap, paano mo gagawing wasto ang nasabing pangungusap?
 - a. Ang mga kabihasnang sa Amerika na nabanggit sa pangungusap ay galing lamang sa iisang ninuno.
 - b. Ang heograpiya ng mga nasabing kabihasnang ay magkakaparehas na magubat at bulubundukin.

- c. Ang tatlong kabihasan ay hindi tumagal ng isandaang taon.
 - d. Ang tatlong kaharian na nabanggit ay layo-layo sa isa't isa at may pagkakaiba sa kanilang kultura.
5. Ilan sa mga dahilan kung bakit tuluyang bumagsak ang Emperyong Romano dahil ang mga mamamayan ay nawalan ng tiwala sa pamahalaan dahil sa laganap na kurapsyon, patuloy na pagbagsak ng ekonomiya at pagbaba ng antas ng pamumuhay ng mga tao dahil sa sunod-sunod na mga digmaan. Ang mga sitwasyong ito ay unti-unting nagbago ng dumating ang relihiyong Kristiyanismo. Sa panahong ito, binigyang kalayaan ng emperyo ang pagpasok ng iba't ibang paniniwala na nagbigay- daan upang mapalaganap ng Kristiyanismo ang kanyang mga aral. Paglipas ng ilang panahon, ang Kristiyanismo ay nagkaroon ng impluwensya sa pamamahala ng gobyerno na naging daan upang magkaroon ng kaayusan sa pamumuhay ng maraming mamamayan sa Europa. Sa kasalukuyang panahon, mayroon ng separasyon ang kapangyarihan ng pamahalaan at simbahan. Ang maraming mga bansa sa ngayon ay nakararanas ng iba't ibang mga suliraning nakasasagabal sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga mamamayan. Batay sa tatlong mga sitwasyong nabanggit, ano ang mabubuo mong kongklusyon?
- a. Ang simbahan at pamahalaan kailanman ay hindi dapat magsama sa pamamahala ng isang bansa upang maiwasan ang iba't ibang suliranin.
 - b. Ang simbahan at pamahalaan ay parehong may malaking papel na ginagampanan sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga mamamayan.
 - c. Kailangang ibalik ang panahon kung saan ang simbahan ay nakikibahagi sa pagdedesisyon ng pamahalaan.
 - d. Hindi dapat hayaan ng pamahalaan na makialam ang simbahan sa mga usaping may kinalaman sa pagpapaunlad ng pamumuhay ng tao dahil ang tanging tungkulin lamang nito ay ipalaganap ang mga aral ng relihiyon.
6. Bilang mag-aaral sa kasaysayan ng daigdig, inatasan ka ng iyong guro na ipalaganap ang mga naging ambag ng mga klasikal na kabihasan sa Europa sa iyong unibersidad sa loob ng isang araw lamang. Paano mo ito magagawa?
- B. Magpunta sa bawat klase at ipahayag ang mga naging ambag ng mga klasikal na kabihasan sa Europa.
 - C. Magpasimula ng isang simposiyum ukol sa mga klasikal na kabihasan sa Europa.
 - D. Mamahagi ng *brochure* na naglalaman ng mga naging ambag ng mga sinaunang klasikal na kabihasan sa Europa at ang kahalagahan nito.
 - E. Magpapalabas ng dula- dulaan ukol sa mga naging ambag ng sinaunang kabihasan sa Asya.
7. Naatasan ka ng iyong guro na gumawa ng poster na nagpapakita ng kahalagahanng mga naging ambag ng mga klasikal na kabihasan sa


- Europa. Ano ang dapatna maging interpretasyon ng iyong poster upang ito ay maging katangi-tangi?
- Lubhang makabuluhan at wasto ang mensaheng binigyan ng interpretasyon.
 - Makabuluhan at wasto ang mensaheng binigyan ng interpretasyon.
 - Hindi gaanong makabuluhan at wasto ang mensaheng binigyan ng interpretasyon.
 - Mali ang mensaheng binigyan ng interpretasyon.
- Ano ang ibig pakahulugan ng salitang Polynesia?
 - maraming pulo
 - malalaking pulo
 - pulo ng maiitim na tao
 - maliliit na pulo
 - Pag-aralang mabuti ang tsart sa ibaba. Sino ang nagkakaloob ng *homage* at *military service* sa Lord o Panginoon?



Ang tsart ay mula sa <http://www.castlesandmanorhouses.com/castles/pics/hierarchy.jpg>.

- king
 - lord
 - knight
 - peasant
- Kailan nagsimulang lumakas ang kapangyarihan at impluwensiya ng simbahan sa imperyong Romano?

- a. Nakita ng simabahan na marami na ang mga suliraning kinakaharap ng pamahalaan kaya sila nanghimasok sa paraan ng pamamahala ng imperyo
 - b. Bumagsak ang pananalakay ng mga barbaro sa kanlurang bahagi ng bansa at ang imperyo ay nagkawatak-watak.
 - c. Inutos ng hari ng mga Frank na si Clovis na manghimasok ang simbahan sa mga usaping pamamalakad sa imperyo.
 - d. Sunod-sunod ang mga digmaan kaya naging madali para sa simbahan na makialam sa mga usaping pampahalaan.
11. Sino ang sinasabing pinakamakapangyarihan sa mga midyibal na imperyo sa kanlurang Aprika?
 - a. Imperyong Mali
 - b. Imperyong Songhai
 - c. Imperyong Asante
 - d. Imperyong Sonike
 12. Suriing mabuti ang ilustrasyon sa ibaba at sagutin ang tanong ukol dito. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa isang *manor*?



Pinagkunan: <http://www.pccua.edu/keough/Wc%20%20I/manorialism.htm>

- a. lutuan
 - b. taniman
 - c. bahay ng panginoon
 - d. paradahan ng mga sasakyan
13. Sa kasaysayan, sinasabing hindi naging matagumpay ang Krusada ngunit ito ay mayroong magandang naidulot sa kristiyanismo. Ano ang magandang naidulot ng Kristiyanismo?
 - a. Ang paglakas ng kapangyarihan at impluwensya ng Simbahan sa pamahalaan

- b. Ang pagiging bahagi ng maraming lider gaya ng mga hari sa mga krusada
 - c. Ang patuloy na pagyabong at pag-unlad ng kultura ng Simbahan
 - d. Ang pagkilala sa Kristiyanismo sa buong mundo.
14. Sa pagsapit ng Gitnang Panahon, higit pang naging malakas ang impluwensiya ng simbahan sa kabuuan ng Europa. Maliban sa mga usaping may kinalaman sa relihiyon, ito rin ay may karapatang manghimasok sa paraan ng pamamahala ng gobyerno. Ano ang malinaw na naging epekto nito sa pamumuhay ng mga tao noon?
- a. Nahirapan ang mga tao dahil sa laging nagtatalo ang mga lider ng simbahan at gobyerno.
 - b. Nagkaroon ng kaayusan sa pamamahala at ang mga tao ay naprotektahan laban sa mga mapang- abusong pinuno.
 - c. Ang mga mamamayan ay nagkaroon ng partisipasyon sa usaping pampamahalaan at panrelihiyon.
 - d. Marami sa mga mamamayan ay naging interisado na pumasok sa banal na pamumuhay sa simbahan at maging bahagi ng pamahalaan.
15. Ang mga Spartans ay lubos na hinangan ng mundo sa labanan sa Thermopylae. Bakit nakilala ang mga Spartans sa digmaang ito?
- a. Nagawa nilang harangin ang mga Persiano sa Greece.
 - b. Tanging ang 300 na Spartans ang lumaban sa mga Persyano.
 - c. Kanilang naipakita ang kanilang katapangan sa labanang ito.
 - d. Sila ay nagwagi sa labanang ito.
16. Paano naimpluwensiyahan ng muling pag-usbong ng mga lungsod at bayan ang buhay ng mga tao noong Gitnang Panahon?
- a. Umunlad ang larangan ng sining gaya ng musika at literatura.
 - b. Napatatag ng mga bayan at lungsod ang sistema ng manoryalismo na nagdikta sa buhay ekonomiko ng mga tao.
 - c. Ang ekonomiya sa mga lungsod at bayan ay naging batayan ang salapi na nagbigay ng importansya sa mga mangangalakal at manggagawa.
 - d. Ang mga relasyong piyudal gaya ng sistema ng obligasyon at pribilehiyo sa pagitan ng panginoon at basalyo ay napalitan sa lungsod ng sistema ng obligasyon at pribilehiyo sa pagitan ng mangangalakal at basalyo.
17. Magdaraos ang inyong simbahan ng isang ekshibit tungkol sa kasaysayan ng simbahan at ang mga naging kontribusyon nito sa mundo. Inatasan kang gumawa ng isang presentasyon na magpapakita ng pagpapahalaga dito sa pamamagitan ng isang *audio visual presentation*. Upang matiyak ang pagiging epektibo ng iyong AVP, alin sa mga sumusunod na pamantayan ang iyong gagamitin?
- a. Maganda ang mga larawang gagamitin na sasabayan ng musikang likha noong panahon ng kabihashang klasikal.

- b. Magpapakita ng mga larawan at isasama ang sariling opinyon at obserbasyon kung ano ang mga kontribusyon ng simbahan sa mundo.
 - c. Pagpapakita ng mga larawan ng iba't ibang kaganapan noong panahon ng kabihasnang klasikal na may kasamang teksto para maipaliwanag ang paksa.
 - d. Ipaliliwanag sa sariling pananalita ang mga tekstong nakuha sa pananaliksik at magpapakita ng mga larawan upang higit na masuportahan ang presentasyon.
18. Bilang miyembro ng Student Formation Team ng iyong paaralan, naatasan kang maging hurado sa poster-making contest ng iyong hayskul. Ang patimpalak na ito ay naglalayong ipalaganap ang pagpapahalaga ng katapatan o *loyalty* na isang pagpapahalaga sa larangan ng relasyong panlipunan noong Gitnang Panahon. Anong kraytirya ang pinakaangkop na gamitin sa pagmamarka ng mga poster?
- a. mensahe, dating sa mambabasa/ tumitingin, pagkamalikhain, pagkamapanghikayat
 - b. mensahe, pagkamakulay, pagkamapanghikayat, dating sa mambabasa/ tumitingin
 - c. mensahe, dating sa mambabasa/ tumitingin, paraan ng pagguhit, pagkamapanghikayat
 - d. mensahe, dating sa mambabasa/ tumitingin, materyales na ginamit, pagkamapanghikayat
19. Ang pag-usbong ng lungsod at bayan noong Gitnang Panahon ay nagbunsod ng mga suliranin na hanggang sa kasalukuyan ay nadarama gaya ng maruming kapaligiran. Bilang isang miyembro ng konseho ng lungsod, anong mga patakarang iyong nais maipatupad upang masolusyunan ang nabanggit na problema?
- a. Araw-araw na pangongolekta ng basura, segregasyon ng basura sa nabubulok at di- nabubulok, paglilinis sa kalsada
 - b. Araw-araw na pangongolekta ng basura, segregasyon ng basura, pagsisiga sa bakuran, paglilinis sa kalsada
 - c. Araw-araw na pangongolekta ng basura, segregasyon ng basura sa nabubulok at di nabubulok, pagdidilig ng halaman, paglilinis ng kalsada
 - d. Araw-araw na pangongolekta ng basura, segregasyon ng basura sa nabubulok at di nabubulok, paglilinis sa kalsada, pagtatanim ng halaman.
20. Sa media, buhay pa rin sa kasalukuyan ang ilang pagpapahalagang nagmula sa Panahong Midyibal. Isa na rito ang pagpapahalaga sa kababaihan bilang bahagi ng *chivalric code*. May mga sumasang-ayon dito at mayroon naming hindi. Bilang isang ebalweytor ng mga palabas sa telebisyon na nagpapakita ng *chivalry*, anong kraytirya ang iyong gagamitin sa paghusga kung nakakabuti o nakasasama ang mga ipinapakita sa telebisyon?
- a. Ang kababaihan ay dapat ipinapakitang iginagalang at dapat itinuturing kapantay ng kalalakhian.

- b. Ang mga kalalakhian ay kinakailangang magpakita ng *courtly love* o pagsuyo at panliligaw sa mga kababaihan nang marubdob.
- c. Dapat na ang lahat ng mga tungkulin ng mga kababaihan sa panahon ng Gitnang Panahon ay napapanatili hanggang sa kasalukuyan.
- d. Ang mga kababaihan ay dapat ipinapakitang pinoprotektahan ng mga kalalakhian dahil sa pananagutan ng mga lalaki ang mga babae.

GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL

Charlemagne- Kilala rin siya sa tawag na Carlo Magno at Calro na Dakila. Siya ay ang Hari ng mga Franks mula taong 768, Hari ng Italya mula 775 at noong taong 800 kinilala siya bilang unang emperador ng Kanlurang Europe. Ang pinalawak na estado ng mga Franks ay tinawag na Imperyong Carolingian.

Charles Martel- Si Charles Martel ay isang politiko at pinunong military. Siya ay kinilalang Duke at Prinsipe ng mga Franks at nagging Alkalde ng Palasyo, Siya ang nanilbihang lider ng France mula 718 hanggang sa kaniyang kamatayan.

Clovis- Tinaguriang unang hari ng mga Franks na kinalala sa kanyang ginawang pag-isahin ang iba't ibang tribo sa ilalim ng iisang pinuno.

Franks- Ang mga pinagsama-samang *Germanic Tribes*. Ilan sa mga Franks ang sumakop sa teritoryo ng Roma at ang iba naman sa kanina ay sumama sa grupo ng mga Romano sa Gaul (France sa kasalukuyan)

Gitnang Panahon- Sa kasaysayan ng Europe, ito ay panahon na tumagal mula noong ika-5 hanggang ika-15 siglo. Nagsimula ito sa panahong bumaksag ang Kanlurang Imperyong Romano.

Imperyo- Ito ay isang malawak na grupo ng taong mula sa nagkakaisang estado na pinamumunuan ng isang monarko o emperador o emperatris.

Imperyong Romano - Ang Imperyo ng mga Romano ay ang imperyalistang paghahari ng mga Romano sa malaking bahagi ng Europa, Asya at Hilagang Aprika, na may autokratikong uri ng pamahalaan.

Krusada- Ang Mga Krusada ay isang sunod sunod ng digmaang militar na may kaugnayan sa relihiyon na itinataguyod ng karamihan ng Kristiyanong Europeo noong 1095–1291, karamihan nito ay pinagtibay ng Papa sa ngalan ng Kristiyanismo.

Pepin the Short- Siya ang kinilalang hari ng mga Franks mula taong 751 hanggang sa panahong ng kanyang kamatayan. Siya ang kauna-unahang Carolingian na naging Hari. Siya ay anak ni Charles Matel at ama ni Charlemagne.

Pepin II- Kilala rin sa tawag na *Pepin of Herstal*. Isa siyang lider ng military na namuno sa France bilang Alkalde ng Palasyo (*Mayor of the Palace*) mula taong 680 hanggang sa kanyang kamatayan. Siya ay tinaguriang Duke at Prinsipe ng mga Franks matapos niyang sakupin ang malaking bahagi ng teritoryo ng mga Franks.

Simbahang Katoliko- Ang Simbahang Katoliko Romano o Simbahang Katoliko ay isang Kristiyanong simbahan na nasa buong kapisanan kasabay ng Obispo ng Roma at pinamumunuan ng Santo Papa. Gaya ng ibang mga denominasyon ng Kristiyanismo, binabakas ng Simbahang Katoliko Romano ang pinagmulan nito sa orihinal na pamayanang Kristiyano na itinatag ni Hesus at ipinalaganap ng mga Labindalawang Apostol, partikular na si San Pedro.

TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

Bokenkotter, *A Concise History of the Catholic Church*, 2004

Crook, *Law and Life of Rome, 90 BC–AD 212*, 1967

[Donald R. Dudley](#), *The Civilization of Rome*, 2nd ed., 1985

[Edward Gibbon](#), *The History of the Decline and Fall of the Roman Empire*, 1776–1788

[Peter Heather](#) *The Fall of the Roman Empire*, 2005

Steven Epstein, *Wage Labour & Guilds in Mediaeval Europe*, 1995

Woods, *How the Church Built Western Civilization*, 2005

Mga Websites:

ANG PAGHAHARI NG MGA FRANK

<http://www.youtube.com/watch?v=EnbTPaVs8F0>

HISTORY OF THE FRANKS

<http://www.historyworld.net/wrldhis/plaintexthistories.asp?historyid=ab74>

MAYOR OF THE PALACE

http://en.wikipedia.org/wiki/Mayor_of_the_Palace

<http://www.britannica.com/EBchecked/topic/371074/mayor-of-the-palace>

FRANKISH KINGDOM

<http://www.saylor.org/site/wp-content/uploads/2012/10/HIST201-1.1.1-FrankishEmpire-FINAL1.pdf>)

HOLY ROMAN EMPIRE

<http://history.howstuffworks.com/european-history/holy-roman-empire.htm>

<http://www.gotquestions.org/Holy-Roman-Empire.html>

<http://www.gotquestions.org/Holy-Roman-Empire.html>

BUBBL WEB APPLICATION

<https://bubbl.us/>

EVERNOTE WEB APPLICATION

www.evernote.com

PODCAST: SPREAD OF CHRISTIANITY

<http://www.youtube.com/watch?v=tdA8DMISJ1o>

VENN DIAGRAM APPLICATION

http://www.readwritethink.org/files/resources/interactives/venn_diagrams/

CRUSADES

<http://en.wikipedia.org/wiki/Crusades>

www.historylearningsite.co.uk/the_crusades.htm

TIMELINE WEB APPLICATION

http://www.readwritethink.org/files/resources/interactives/timeline_2

JAY JABONETA

<http://jayjaboneta.com/2013/01/facebook-and-the-power-of-social-media-2/>

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/punic_wars/InformationAboutPunicWarsEventEHandout.pdf

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa kasaysayan ng Digmaang Punic

<http://www.youtube.com/watch?v=HetYXwtCCho>

Ang *video* na ito ay tungkol sa kasaysayan ng Digmaang Punic

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/military_expansion/InformationonCicero.pdf

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa pamamahala ni Cicero

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/military_expansion/InformationonFulvia.pdf

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa pamamahala ni Fulvia

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/military_expansion/InformationonGaiusGracchus.pdf

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa pamamahala ni Gaius Gracchus

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/military_expansion/InformationonHortensia.pdf

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa pamamahala ni Hortensia

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/military_expansion/InformationonJuliusCaesar.pdf

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa pamamahala ni Julius Ceasar

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/military_expansion/InformationonSallust.pdf

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa pamamahala ni Sallust

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/military_expansion/InformationonSpartacus.pdf

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa pamamahala ni Spartacus

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/military_expansion/InformationonTiberiusGracchus.pdf

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa pamamahala ni Tiberius Gracchus

<http://www.vroma.org/~bmcmanus/caesar.html>

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa talambuhay ni Julius Ceasar

<http://www.youtube.com/watch?v=Rfp9lic-tGU>

Ang *video* na ito ay tungkol sa talambuhay ni Julius Ceasar

<http://www.youtube.com/watch?v=5tPUB9kfJZg>

Ang *video* na ito ay tungkol sa talambuhay ni Julius Ceasar

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/EvaluatingEmperors/AugustusInformationColumn.pdf>

Ito ay teksto tungkol sa pamumuno ni Augustus

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/EvaluatingEmperors/NeroInformationColumn.pdf>

Ito ay teksto tungkol sa pamumuno ni Nero

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/EvaluatingEmperors/TrajanInformationColumn.pdf>

Ito ay teksto tungkol sa pamumuno ni Trajan

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/EvaluatingEmperors/HadrianInformationColumn.pdf>

Ito ay teksto tungkol sa pamumuno ni Hadrian

http://www.youtube.com/watch?v=UUL6GPi0LTw&list=PL3_dG6ywCxz8Hs58FJAOySHkQkVlwxIRh

Ito ay *video* tungkol sa mga naing emperador ng Roma

<http://www.youtube.com/watch?v=X8gNN1YkWuY>

Ito ay *video* tungkol sa mga naing emperador ng Roma

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/RomanDailyLifeEducation.pdf>

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa sistema ng edukasyon sa Roma

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/RomanDailyLifeFamilyLife.pdf>

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa pamilyang Romano.

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/RomanDailyLifeFood&Drink.pdf>

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa uri ng mga pagkain ng mga Romano

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/RomanDailyLifeHealthcare.pdf>

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa sistemang pangkalusugan ng mga Romano

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/RomanDailyLifeHousing.pdf>

Ang URL *link* na ito ay tungkol samga uri ng kabahayan sa Roma

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/RomanDailyLifeLaw&Order.pdf>

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa mga batas ng mga Romano

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/RomanDailyLifeRecreation.pdf>

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa mga libangan ng mga Romano

<http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientRome/PDFs/RomanDailyLifeTrade&Travel.pdf>

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa paraan ng pakikipagkalakalan ng mga Romano

<http://www.egusd.net/eddy/pdf/teacher%20files/benson/PowerPoints/Rome/Roman%20Empire.pdf>

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa mga nagawa at naiambag ng mga Romano sa kultura ng daigdig

<http://rome.mrdonn.org/achievements.html>

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa mga nagawa at naiambag ng mga Romano sa kultura ng daigdig

http://www.bbc.co.uk/schools/primaryhistory/romans/roman_remains/

Ang URL *link* na ito ay tungkol sa mga nagawa at naiambag ng mga Romano sa kultura ng daigdig

Aralin 4: Ang Buhay sa Europa Noong Gitnang Panahon

Panimula at mga Pokus na Tanong

Makikita sa Panahong Midyibal ang pagbabago sa pamumuhay ng mga Europeo sa iba't ibang larangan tulad ng politikal, sosyal, ekonomiko, panrelihiyon, at kultural. Nagbunsod ang mga pagbabagong ito sa pandaigdigang kamalayan (*worldview*) na may impluwensiya maging sa kasalukuyan.

May alam ka ba tungkol sa Panahong Midyibal? Ano ang alam mo tungkol dito? Suriin mo ang iyong buhay sa kasalukuyan. Kaya mo bang sabihin kung ano-anong mga bagay, gawain, paniniwala, at gawi ang nagmula pa noong Panahong Midyibal?


SAKLAW NG ARALIN

Sa araling ito ay matututunan ang mga sumusunod:

Aralin Blg.	Pamagat	Matutuhan mo ang...	Bilang ng Oras/ Sesyon
Aralin 4	Ang Buhay sa Europa Noong Gitnang Panahon	<p>Nailalarawan ang buhay sa Europa noong Gitnang Panahon: piyudalismo, manoryalismo, at pag-usbong ng mga bayan at lungsod</p> <p>Naibibigay ang epekto at kontribusyon ng ilang mahahalagang pangyayari sa Europa sa pagpapalaganap ng pandaigdigang kamalayan</p>	2 linggo

☑ **Concept Map ng Aralin**

Narito ang isang simpleng mapa ng mga paksang sakop ng araling ito.



Inaasahang Kasanayan

Upang lubos mong maunawaan ang aralin, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Natatalakay ang mga mahahalagang kaganapan na nagbigay daan sa Gitnang Panahon.
2. Nasusuri ang buhay sa Europa noong Gitnang Panahon: manoryalismo, piyudalismo, at ang pag-usbong ng mga bagong bayan at lungsod.
3. Natataya ang epekto at kontribusyon ng ilang mahahalagang pangyayari sa Europa sa pagpapalaganap ng pandaigdigang kamalayan.

PANIMULANG PAGTATAYA




Aalamin natin ang iyong nalalaman tungkol sa paksa sa pamamagitan ng pagsagot sa Panimulang Pagtataya. I-klik lamang ang titik ng tamang sagot matapos basahing mabuti ang bawat tanong. Pagkatapos mong masagutan lahat, makikita mo ang iyong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at tanong na hindi mo nasagot sapagkat malalaman mo ang sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa politikal na institusyon noong Gitnang Panahon?
 - a. kabalyero
 - b. piyudalismo
 - c. manoryalismo
 - d. sistema ng katapatan
2. Ano ang sistemang pang-ekonomiya na umiral sa Gitnang Panahon?
 - a. Kabalyero
 - b. Piyudalismo
 - c. Manoryalismo
 - d. Sistema ng katapatan
3. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa lupaing pagmamay-ari ng panginoong maylupa?
 - a. fief
 - b. bansa
 - c. bayan
 - d. lungsod

Para sa bilang 4-5, pag-aralan mabuti ang tsart sa ibaba at sagutan ang mga sumusunod na tanong:




ay mula sa

<http://www.castlesandmanorhouses.com/castles/pics/hierarchy.jpg>.

4. Sino ang nagkakaloob ng *homage* at *military service* sa *lord* o panginoon?
 - a. king
 - b. lord
 - c. knight
 - d. peasant

5. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng relasyon ng *king* (hari) at *lord* (panginoon)?
 - a. Nagmula sa hari ang *fief* at *peasant* bilang kapalit ay ipinagkakaloob ng panginoon ang tulong militar.
 - b. Nagmumula sa panginoon ang *fief* at *peasant*, bilang kapalit ay ipinagkakaloob ng hari ang tulong militar.
 - c. Ipinagkakaloob ng hari ang *fief* at tulong militar samantalang nagmumula sa panginoon ang mga *peasant*.
 - d. Ipinagkakaloob ng panginoon ang *fief* at tulong militar samantalang nagmumula sa hari ang mga *peasant*.

Para sa bilang 6, suriing mabuti ang ilustrasyon sa ibaba at sagutin ang tanong ukol dito.



Pinagkunan:
<http://www.pccua.edu/keough/Wc%20%20I/manorialism.htm>

6. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa isang *manor*?
- lutuan
 - taniman
 - bahay ng panginoon
 - paradahan ng mga sasakyan

Para sa bilang 7, pag-aralang mabuti ang larawan sa ibaba at sagutin ang mga tanong ukol dito.



Mula sa
http://www.pembrokeandmonktonhistory.org.uk/images/2008_0619jun08olympus0011.JPG

7. Anong mahihinuha mula sa larawan?
- May kalakalang umiiral sa pagitan ng Asya at Europa noong huling bahagi ng Ginintuang Panahon.
 - Ang kalakalan noong huling bahagi ng Gitnang Panahon ay nakasentro sa mga yamang-likas.
 - Ang kalakalan noong huling bahagi ng Gitnang Panahon ay pinangasiwaan ng mga katungkulan sa lipunan.
 - Ang panlabas na kalakalan noong huling bahagi ng Gitnang Panahon ay nasa pagitan ng Europa at Aprika.

Para sa bilang 8, pag-aralan ang iskedyul ng mga gawain ng tao sa isang bayan noong huling bahagi ng Gitnang Panahon sa ibaba. Sagutin ang tanong ukol dito.


Karaniwang Araw ng Mga Taong Naninirahan sa Isang Bayan Noong Gitnang Panahon	
4:00 ng umaga	Unang misa ng araw
6:00 ng umaga	Magbubukas ang mga bilihan at tindahan sa palengke
8:00 ng umaga	Ang mga dayuhan ay pinapayagan nang mangalakal
9:00 ng umaga	Agahan
3:00 ng umaga	Karamihan ng bilihan at tindahan ay magsasara na
8:00 ng gabi	Curfew- ang mga tao ay nasa bahay na
Ang mga impormasyon ay mula sa: http://www.bbc.co.uk/bitesize/ks3/history/middle_ages/everyday_life_middle_ages/revision/6/	

8. Batay sa iskedyul, ano ang masasabi mo ukol sa mga dayuhang mangangalakal?
 - a. Maraming dayuhan ang nais na mangalakal sa mga bayan.
 - b. Mas maaga ang pagbubukas ng lokal kaysa dayuhang tindahan.*
 - c. Mas malaki ang kita ng mga dayuhan kaysa sa lokal na manininda.
 - d. Higit na marami ang paninda ng lokal na manininda kumpara sa mga dayuhan.

Para sa bilang 9-10, pag-aralang mabuti ang mga dokumento sa ibaba.



Mula sa <http://www.medievalwarfare.info/>



9. Batay sa dalawang dokumento, bakit mahalaga ang papel ng piyudalismo sa Gitnang Panahon?
 - a. Ang piyudalismo ang nagsilbing institusyong nagbigay sigla sa kultura at relasyong panlipunan.
 - b. Dahil magulo ang panahon, ang piyudalismo ang nagbigay ng kaayusan at proteksyon sa mga tao.
 - c. Ang mga obligasyon sa pagitan ng mga tao ang naggarantiya sa ekonomikong pag-unlad.
 - d. Malaki ang utang na loob ng mga tao sa panginoon dahil sa lupaing ipinagkakaloob nito sa kanila.

10. Batay sa dalawang dokumento, paano mailalarawan ang piyudalismo?
 - a. Patakarang sinusunod ng mga basalyo upang maging marangal ang buhay.
 - b. Patakarang ipinapatupad ng panginoon sa kanyang nasasakupan upang maging maunlad ang buhay.
 - c. Institusyong gumagarantiya ng katahimikan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng hukbo sa ilalim ng hari.
 - d. Institusyon ng obligasyon at pribilehiyo sa pagitan ng mga tao gaya ng panginoon at basalyo upang mabuhay sa panahon ng kaguluhan.

11. Ano ang implikasyon ng manorialismo?
 - a. Ang lahat ng mga pangangailangan ng tao para mabuhay ay nagmumula sa manor kung kaya't ang mga pesante ay kailangang umasa sa lupain ng panginoon.
 - b. Ang lahat ng mga pangangailangan ng tao para mabuhay ay nagmumula sa manor kung kaya't ang mga panginoon ay hindi nakipag-alyansa sa hari.
 - c. Ang lahat ng mga pangangailangan ng tao para mabuhay ay nagmumula sa manor kung kaya't ang mga negosyo ay higit na napaunlad.
 - d. Ang lahat ng mga pangangailangan ng tao para mabuhay ay nagmumula sa manor kung kaya't ang ekonomiya ng bansa ay umangat.

12. Paano naiiba ang manor sa isang lungsod o bayan?
 - a. Mas malaki ang sakop ng manor kumpara sa isang bayan o lungsod.
 - b. Maunlad ang teknolohiya ng isang manor na ginagamit sa produksyon.
 - c. Ang manor ay may lupang pansakahan, kagubatan, simbahan, kastilyo, at bahay kalakal samantalang ang isang bayan o lungsod ay may lupang pansakahan, simbahan, kastilyo, bahay–kalakal, at kagubatan.
 - d. Ang manor ay nakabatay sa agrikultura at produksyon ng mga pangangailangan ng mga nakatira rito samantalang ang lungsod at bayan ay pangangailangan at kagustuhan.

13. Paano naimpluwensiyahan ng muling pag-usbong ng mga lungsod at bayan ang buhay ng mga tao noong Gitnang Panahon?
 - a. Umunlad ang mga larangan ng sining gaya ng musika at literatura.
 - b. Napatatag ng mga bayan at lungsod ang sistema ng manoryalismo na nagdikta sa buhay ekonomiko ng mga tao.
 - c. Ang ekonomiya sa mga lungsod at bayan ay naging batay sa salapi na nagbigay ng importansiya sa mga mangangalakal at manggagawa.
 - d. Ang mga relasyong pyudal gaya ng sistema ng obligasyon at pribilehiyo sa pagitan ng panginoon at basalyo ay napalitan sa lungsod ng sistema ng obligasyon at pribilehiyo sa pagitan ng mangangalakal at basalyo.

14. Paano nakaapekto ang paglitaw ng panggитnang uri sa relasyong panlipunan sa Gitnang Panahon?
 - a. Ang panggитnang uri ay nagkaroon ng higit na kapangyarihan sa hari.
 - b. Pinahina ng kapangyarihan ng panggитnang uri ang kapangyarihan ng mga panginoon.
 - c. Hindi panginoon kung hindi panggитnang uri ang namahala sa manor at mga taong naninirahan dito.
 - d. Ang mga basalyo ay nagbigay ng katapatan at suportang militar sa panggитnang uri at hindi sa panginoon.

15. Ang sistema ng hasyenda sa Pilipinas ay inihahalintulad sa sistemang piyudal ng Gitnang Panahon. Isa sa mga suliraning dala nito ay ang hindi makatarungang kondisyon sa pagtatrabaho ng mga kasama o manggagawa sa hasyenda. Bilang opisyal ng Department of Labor and Employment, sa paanong paraan ka makatutulong lutasin ang problema?
 - a. Dinggin ang mga hinaing ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pakikipagpulong sa kanilang lider at magsagawa ng mga hakbang upang matugunan ang mga ito.*
 - b. Bigyan ng umento sa sahod ang mga manggagawa upang makatulong sa kanilang pang-araw-araw na gastusin ng kanilang mag-anak.
 - c. Gumawa ng anunsiyo sa *media* na nagpapalaganap sa karapatan ng mga manggagawa sa mga hasyenda.

- d. Magsampa ng kaso laban sa mga may-ari ng lupain at sakahan.
16. Sa Gitnang Panahon, isa sa mga suliranin ng mga pesante ay kawalan ng sariling lupang masasaka. Sa kasalukuyan, maraming magsasaka sa hasyenda ang may parehong suliranin. Bilang kawani ng Department of Agrarian Reform, paano mo ito masosolusyunan?
- Mamahagi ng pondo sa mga magsasaka upang magkaroon ng sapat na salapi upang makabili ng sariling lupa.
 - Gawing pribado ang mga lupaing sakop ng repormang agraryo at bigyan ng karapatan ang lahat ng magsasaka rito.
 - Pag-aralan ang mga balakid sa pagpapatupad ng repormang agraryo at tugunan ang mga ito upang maipamahagi ang lupa sa mga magsasaka.
 - Bigyan ng hanapbuhay ang mga magsasaka bukod sa pagsasaka upang magkaroon sila ng sapat na kita para sa kanilang kabuhatan at hindi na umasa sa lupa.
17. Sa media sa kasalukuyan ay buhay pa ang ilang pagpapahalagang nagmula sa Panahong Midyibal. Isa na rito ang pagpapahalaga sa kababaihan bilang bahagi ng *chivalric code*. May mga sumasang-ayon dito at mayroon naming hindi. Bilang isang ebalweytor ng mga palabas sa telebisyon na nagpapakita ng *chivalry*, anong kraytiryang ang iyong gagamitin sa paghusga kung nakakabuti o nakasasama ang mga ipinapakita sa telebisyon?
- Ang kababaihan ay dapat ipinapakitang iginagalang at dapat itinuturing na kapantay ng kalalakihan.
 - Ang mga kalalakihan ay kinakailangang magpakita ng *courtly love* o pagsuyo at panliligaw sa mga kababaihan nang marubdob.
 - Dapat na ang lahat ng mga tungkulin ng mga kababaihan sa panahon ng Gitnang Panahon ay napapanatili hanggang sa kasalukuyan.
 - Ang mga kababaihan ay dapat ipinapakitang pinoprotektahan ng mga kalalakihan dahil sa pananagutan ng mga lalaki ang mga babae.
18. Bilang miyembro ng Student Formation Team ng iyong paaralan, naatasan kang maging hurado sa *poster-making contest* ng iyong hayskul. Ang patimpalak na ito ay naglalayong ipalaganap ang pagpapahalaga ng katapatan o *loyalty* na isang pagpapahalaga sa larangan ng relasyong panlipunan noong Gitnang Panahon. Anong kraytiryang ang pinakaangkop na gamitin sa pagmamarka ng mga poster?
- Mensahe, dating sa mambabasa/ tumitingin, pagkamalikhain, pagkamapanghikayat.
 - Mensahe, pagkamakulay, pagkamapanghikayat, dating sa mambabasa/ tumitingin
 - Mensahe, dating sa mambabasa/ tumitingin, materyales na ginamit, pagkamapanghikayat

19. Ang pag-usbong ng lungsod at bayan noong Gitnang Panahon ay nagbunsod ng mga suliranin na hanggang sa kasalukuyan ay nadarama gaya ng maruming kapaligiran. Bilang isang miyembro ng konseho ng lungsod, anong mga patakaran ang iyong nais maipatupad upang masolusyunan ang nabanggit na problema?
- Araw-araw na pangongolekta ng basura, segregasyon ng basura sa nabubulok at di-nabubulok, paglilinis sa kalsada
 - Araw-araw na pangongolekta ng basura, segregasyon ng basura, pagsisiga sa bakuran, paglilinis sa kalsada
 - Araw-araw na pangongolekta ng basura, segregasyon ng basura sa nabubulok at di-nabubulok, pagdidilig ng halaman, paglilinis ng kalsada
 - Araw-araw na pangongolekta ng basura, segregasyon ng basura sa nabubulok at di-nabubulok, paglilinis sa kalsada, pagtanim ng halaman.
20. Malakas ang kapangyarihan ng simbahan sa Gitnang Panahon. Sa Pilipinas, malaki pa rin sa kasalukuyan ang papel ng simbahan sa paglutas sa mga suliraning panlipunan. Bilang isang miyembro ng simbahan, sa paanong paraan ka makapag-aambag sa paglutas sa mga panlipunang suliranin gaya ng karahasan sa mga lungsod at bayan?
- Pagsali sa mga programa ng pamahalaan.
 - Panonod ng mga pelikula ukol sa kapayapaan.
 - Pagdulong sa mga opisina ng pamahalaan kung mayroong problema sa hanapbuhay.
 - Pagpapalaganap ng kapayapaan sa pamamagitan ng pagsunod sa batas at pag-iimpluwensiya sa ibang tao na gawin din ito.




PAGTUKLAS

Sa bahaging ito ng aralin, isikapin mong matuklasan, maunawaan, at masuri ang iba't ibang konseptong may kaugnayan sa Gitnang Panahon. Tutukuyin mo ang mga katangian ng Gitnang Panahon at ang paraan ng pamumuhay noon.

Handa ka na bang magsimula?

GAWAIN 1. Pagsusuri sa mga Illuminated Manuscript

Suriin mo ang mga larawan at sagutan mo ang mga tanong ukol dito.



Mula sa http://www.studenthandouts.com/photo_gallery/Pics1/MiddleAges.j



Mula sa <http://media.web.britannica.com/eb-media/17/125117-004-ECOD221E.jpg>



Ang Pagpili ni Santo Papa Leo III kay Charlemagne Bilang Emperador
Mula sa:
http://64.19.142.12/www.uncp.edu/home/rwb/charlemagne_coronation.jpg_hyuncompressed



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-anong mga simbolo ang nakaguhit sa mga dokumento? Ano ang kahulugan ng mga ito?

2. Batay sa larawan, anong mahihinuha mo ukol sa mga taong namuhay noong Gitnang Panahon ukol sa mga sumusunod:

- 2.1. pag-iisip o pananaw sa buhay
- 2.2. kilos o kaasalan
- 2.3. paraan ng pamumuha

3. Anong pandaigdigang kamalayan (*worldview*) ang mahihinuha mula sa mga dokumentong sinuri? Ipaliwanag.

4. Sa iyong palagay, sa paanong paraan nahubog ang pamumuhay ng mga tao noong Gitnang Panahon?

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Nasuri mo na ang mga ideya ukol sa pamumuhay sa Gitnang Panahon o Panahong Midyibal sa pamamagitan ng mga larawan. Sa mga sumusunod na aralin ay matutuklasan natin kung alin sa iyong mga pagkakaunawa ang may katotohanan o katanggap-tanggap. Ngayon, handa ka na bang higit na suriin ang ating paksa?



PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Palawigin mo ngayon ang iyong nalalaman tungkol sa Gitnang Panahon, lalong-lalo na ang mga paksa ng piyudalismo, manoryalismo, at pag-usbong ng mga bayan at lungsod. Bibigyang pansin sa bahaging ito ang transpormasyon ng pamumuhay ng mga tao sa Europa dulot ng iba't ibang kaganapan.

HISTORY FRAME

Ang tsart

Pangyayari:

Mga Taong Kasangkot (Key Players):

Problema/Suliranin/Layunin:

Lugar ng Kaganapan:

Petsa o Panahon:

Pagkakasunud-sunod ng mga Mahahalagang Kaganapan:

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

Kinahinatnan:

Kahalagahan at Implikasyon sa Kasalukuyan:

Nasa ibaba ang mga *website* na maaari mong magamit sa pagsasaliksik.

http://www.youtube.com/watch?feature=player_detailpage&v=CY8L1MCsiP4

- Maikling *videong* may pamagat na *Barbarians Against Romans*, ukol sa mga *Germanic Tribes* ng Gitnang Panahon

http://www.bbc.co.uk/history/ancient/romans/fallofrome_article_01.shtml

- Nauukol sa Pagbagsak ng Imperyong Romano



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga mahahalagang pangyayari na nagbigay- daan sa pagsilang sa Gitnang Panahon?

2. Ipaliwanag ang kahalagahan at epekto ng mga sumusunod na pangyayari sa pagsisimula at pag-usad ng Panahong Midyibal:

Pananalakay ng mga Tribong Aleman o *Germanic Tribes*
Pagbagsak ng Imperyong Romano

3. Ano-ano ang mga pagbabago sa pamumuhay ng mga tao bunsod ng mga mahahalagang pangyayari?

4. Paano maiuugnay ang mga pangyayari sa Gitnang Panahon sa pagkahubog ng pamumuhay ng mga tao?

GAWAIN 2. Pagsusuri ng Dokumentaryo

Sa gawaing ito, panoorin ang dokumentaryong " Churches: How to Read Them - Medieval Life ". Maaaring ma-access ang palabas sa *link* na ito: <http://www.youtube.com/watch?v=Vw20ZieQpQg> . I-type lamang ang *keyword* na *Churches: How to Read Them-Medieval Life*. Ang dokumentaryo ay isang pagtalakay sa pagbasa sa mga simbahan na naipatayo noong Gitnang Panahon at paghinuha sa pag-iisip, pananaw, at gawi ng mga tao sa Panahong Midyibal sa Europa.

Pagkatapos panoorin, sagutin ang mga inihandang tanong. Maaari ring sumangguni sa mga sumusunod na *website*:

<http://www.medieval-life-and-times.info/index.htm>

-Dito makikita ang mga impormasyon ukol sa kasaysayan, relihiyon, lider, pagkain, musika, kasuotan, mga uring panlipunan, sining, at iba pang aspekto ng pamumuhay sa Panahong Midyibal

<http://www.middle-ages.org.uk>

-*Website* sa mga impormasyon ukol sa relihiyon, pagkain, musika, mga tao gaya ng mga kabalyero, panginoong maylupa, kababaihan, piyudalismo, kastilyo, krusada, at iba pang aspekto ng Panahong Midyibal


<http://www.kb.nl/manuscripts/>

Koninklijke Bibliotheek, *National Library of the Netherlands*

-Naglalaman ang *website* ng *database* na mayroong 11,000 *manuscript illuminations* na binubuo ng mga *miniature*, *historiated initials*, at maging *border decorations* mula sa National Library of the Netherlands at Museum Meermanno-Westreenianum sa *The Hague*.

GAWAIN 3. Sagutan ang Grapikong Pantulong

Isulat sa loob ng grapikong pantulong ang mga hinihinging datos.



Ang pamumuhay ng mga tao noong Gitnang Panahon ay nahubog ng

-----**Kung kaya't**-----



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang iyong reaksyon sa iyong napanood?

2. Paano inilalarawan ang pag-iisip, pananaw, ugali, at kilos ng mga taong Midyibal batay sa pagsusuri sa mga Simbahang Midyibal?

3. Ilarawan ang papel ng Simbahang Katoliko sa pagkabuo, pag-unlad, at pagpapatuloy ng mga paniniwala at paraan ng pamumuhay sa Gitnang Panahon.

4. Paano nahubog ng impluwensiya ng simbahan ang pamumuhay ng mga tao sa Gitnang Panahon?

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Nalaman mo sa mga nakaraang aralin na maraming salik at pangyayari ang nagbunsod sa Gitnang Panahon. Nalaman mo rin ang mga katangian ng pananaw ng mga tao at kanilang pamumuhay sa panahong ito. Sa puntong ito ay palalalimin natin ang iyong kaalaman ukol sa Gitnang Panahon sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga institusyon at mga pagbabagong magaganap na nakaimpluwensiya nang lubos sa kultura, politika, ekonomiya, at istrukturang panlipunan sa Europa.



PAGPAPALALIM

Inaasahang magsusuri at bubuo ka ng mga paglalahat ukol sa institusyon ng piyudalismo, manoryalismo, at mga pagbabagong dulot ng muling pag-usbong ng mga bayan at lungsod sa pamamagitan ng iba't ibang gawain. Handa ka na bang palawakin ang iyong kaalaman?

Simulan na natin!

GAWAIN 4. Pagsasagawa ng Case Study

Suriin ang sistemang piyudalismo sa Europa na umusbong noong 600 siglo. Sagutin at gamiting gabay sa pagsusuri ang mga tanong.

	Piyudalismo
Mga Salik sa Pagkabuo	
Mga Katangian	
Mga Uri ng Taong Namuhay sa Sistemang Ito	
Mga Ugnayan ng mga Tao	

Epekto sa Pamumuhay ng mga Tao A. Mabuti B. Masama	
Mga Elemento, Katangian, at Suliraning Dala ng Sistema na may Pagkakatulad sa Kasalukuyan	

Kumunsulta sa mga *website* na nasa ibaba na magagamit sa pananaliksik.

<http://www.britannia.com/history/resource/gloss.html>

–Glosaryo ito ng mga termino na ginamit noong Gitnang Panahon. Ang *website* ay tulad ng diksiyunaryo na mahahanap ang kahulugan ng mga terminong may kinalaman sa monastiko, militar, legal, piyudal, at arkitektural na aspekto ng pamumuhay

<http://www.castleexplorer.co.uk/>

-Interaktibong *website* ukol sa mga kastilyo sa Britanya

<http://www.learner.org/interactives/middleages/feudal.html>

-Nakalaan ang *website* ukol sa pamumuhay sa sistemang piyudal

http://www.historyonthenet.com/Medieval_Life/feudalism.htm

-Makikita rito ang relasyon o ugnayan ng mga tao sa ilalim ng sistemang piyudalismo

<http://www.middle-ages.org.uk/feudalism.htm>

-Tumatalakay sa piyudalismo sa Inglatera

<http://www.historylearningsite.co.uk/Year%207.htm>

-Naglalaman ang *website* ng mga impormasyon ukol sa monarkiya, mga labanan, buhay sa manor, pagkain, bahay, pangalan ng mga tao, simbahan, arkitektura, bayan, batas, at iba pang bagay sa Inglatera sa Gitnang Panahon

<http://www.fordham.edu/halsall/medfilms.html>

-Ito ay *database* ng mga pelikula na may tema o nauukol sa Gitnang Panahon batay sa *Microsoft's Cinemania* at *Internet Movie Database*. Naririto ang buod ng mga pelikula at mga rebyu ng mga ito mula sa mga *link*.



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang sistemang piyudalismo? Ano-ano ang mga katangian nito?

2. Ilarawan ang pamumuhay ng mga tao sa ilalim ng sistemang nabanggit.


3. Paano nakikita ang katapatan ng mga sumusunod sa kanilang panginoon?

- 1.1 basalyo
- 1.2 kabalyero

4. May epekto ba ang katapatang ito sa pananaw at pamumuhay ng mga tao sa sistemang piyudalismo?

5. Ano-ano ang mga mabubuting epekto ng sistemang piyudalismo? May suliranin din ba itong idinulot? Ipaliwanag.

6. Paano nahubog ng piyudalismo ang pamumuhay ng mga tao?

 Kaakibat ng piyudalismo na sistemang pangmilitar at pampolitika ang manoryalismo na sistemang pang-ekonomiya. Linawin natin ang institusyong ito at iugnay sa pagkahubog ng pamumuhay ng mga tao noong panahong Midyibal.

GAWAIN 5. Paggawa ng Photo Collage

Suriin ang manoryalismo batay sa mga primarya at sekundaryang dokumento at mga larawan gamit ang mga *website* sa ibaba at iba pang sanggunian mula sa *web*.

Mga *website* na makatutulong sa pagsusuri ng paksa:

<http://www.britannica.com/EBchecked/topic/362699/manorialism>
-*Encyclopedia entry* sa sistemang manoryalismo

http://www.darienps.org/teachers/grsmith/westernciv/middleages/western_middleages_manoriallife.pdf
-Naglalaman ng serye ng mga katanungan at impormasyon ukol sa buhay sa manor



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang manoryalismo? Ano ang isang manor?

2. Sa iyong palagay, bakit ganito ang pisikal na kaayusan/ pagkakaayos nito?

3. Paano nauugnay ang panginoong maylupa at mga pesante sa isang manor? Ipaliwanag ang sistema ng obligasyon at karapatan sa ilalim ng manoryalismo.

4. Ano-anong aspekto ng manor ang mabuti? Ano-anong aspekto ang problematiko? Bakit?

5. Paano nahubog ang pamumuhay ng tao sa Gitnang Panahon?



Nauunawaan mo na ang mga institusyong humubog sa paraan ng pamumuhay ng mga tao. Sa pagtuntong ng ika-300 siglo ay maraming pagbabago ang naganap sa Kanlurang Europa. Magkakaroon ito ng malawakan at malalimang epekto sa kalakaran ng pamumuhay. Sa puntong ito, alamin natin ang mga pagbabagong ito.

Kababaihan sa Panahong Midyibal

Suriin mo ang katayuan ng mga kababaihan sa Gitnang Panahon mula sa mga *website* sa ibaba:

http://www.bl.uk/learning/histcitizen/medieval/women2/medieval_women.html

-May kinalaman sa estado ng kababaihan sa Panahong Midyibal

http://www.historylearningsite.co.uk/medieval_women.htm

-Naglalaman ng impormasyon ukol sa mga kababaihan sa Gitnang Panahon

Gumuhit ng simbolo na nagpapakita sa katayuan ng mga kababaihan. Maaaring *i-scan* o kumuha ng larawan ng iyong guhit gamit ang kamera at isumite sa guro sa pamamagitan ng *e-mail*.



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang imahen ng mga kababaihan ayon sa iyong mga nabasa?


2. Sumasang-ayon ka ba sa imahen ng babaeng ipinapakita?

3. Bakit tinitingnan bilang mahina at hindi kapantay ng mga lalaki ang mga babae sa Panahong Midyibal?

4. Nananatili pa rin ba sa kasalukuyan ang imahen ng mga kababaihang Midyibal? Sa paanong paraan nahubog o naimpluwensiyahan ng estado ng mga kababaihan sa Gitnang Panahon ang pagtingin sa kababaihan ngayon?

GAWAIN 6. Pagkumpleto sa Fishbone Organizer

Kumpletuhin ang *fishbone organizer* matapos masuri ang mga *website* na naglalaman ng mga impormasyon ukol sa pamumuhay sa mga bayan at lungsod ng Gitnang Panahon.



Mga *website* na magagamit sa pananaliksik:

<http://www.learner.org/interactives/middleages/townlife.html>

<http://www.learner.org/interactives/middleages/moretown.html>

-Ipinapaliwanag sa mga *website* na ito ang mga katangian at pagkabuo ng mga bayan sa Panahong Midyibal

<http://www.timeref.com/townlife.htm>

-Naglalarawan ito sa bayan noong Gitnang Panahon kabilang ang paksa ukol sa mga *guilds*



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ilarawan ang mga bayan at lungsod.

2. Sa paanong paraan nagkakaiba at nagkakatulad ang mga bayan, lungsod, at ang mga manor?

3. Ilarawan ang pamumuhay sa isang bayan.

4. Bakit nagkaroon ng pagbabago sa pamumuhay ng mga tao sa paninirahan nila sa mga bayan at lungsod?

5. Gitnang Panahon?

GAWAIN 7. Pagsasagawa ng Case Study

Pag-aralan ang tatlong pagkakauri ng mga tao sa Panahong Midyibal gamit ang mga *website* sa ibaba. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga buhay ng mga uri ng tao noong Gitnang Panahon ay sagutin mo ang katanungang **Paano nahubog ang pamumuhay ng tao sa Gitnang Panahon?**

Sa pagsagot ng tanong ay kinakailangang makabuo ka ng kongklusyon. Bigyang diin ang mga katangian ng pamumuhay ng mga tao na kinakatawan ng *oratores*, *bellatores*, at *laboratories*. Bumuo ng sariling interpretasyon ukol sa mga salik na nakaimpluwensiya sa pagkakahubog ng pamumuhay sa Gitnang Panahon. Sagutan ang grapikong pantulong upang maisagawa ang *case study*.

Oratores- Mga Tagapagdasal (gaya ng mga pari at mongha)

<http://europeanhistory.boisestate.edu/westciv/medsoc/04.shtml>
<http://europeanhistory.boisestate.edu/westciv/medsoc/05.shtml>
<http://europeanhistory.boisestate.edu/westciv/medsoc/06.shtml>
-Mga impormasyon ukol sa mga pari at monghe

Bellatores- Mga Tagapagtanggol (gaya ng mga kabalyero)

<http://europeanhistory.boisestate.edu/westciv/medsoc/08.shtml>
-Impormasyon ukol sa mga kabalyero

<http://europeanhistory.boisestate.edu/westciv/medsoc/08.shtml>
-Mga prinsipyong isinasabuhay ng isang kabalyero

Laboratores- Mga Manggagawa (gaya ng pesante)

http://www.historylearningsite.co.uk/medieval_peasants.htm

<http://www.medieval-life-and-times.info/medieval-life/medieval-peasant.htm>
-Paraan ng pamumuhay ng mga pesante

	Oratores (Pari, Mongha)	Bellatores (Kabalyero)	Laborares (Pesante)
Pananamit, Pagkain, Tirahan			
Pag-aari			
Antas at Uri ng Edukasyon			
Mga Responsibilidad			
Mga Pribilehiyo			
Mga Katangian ng Panahong Midyibal na Nakaimpluwensiya sa Pamumuhay ng mga tao			



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Paano mailalarawan ang pamumuhay sa Gitnang Panahon batay sa karanasan ng mga tatlong uri?

2. Ipaliwanag ang mga salik na nakaimpluwensiya sa pagkahubog ng pamumuhay sa Gitnang Panahon.

3. Gumawa ng kongklusyon batay sa tanong: Paano nahubog ang pamumuhay sa Gitnang Panahon?

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Sa puntong ito, komprehensibo at malalim na ang iyong kaalaman ukol sa Gitnang Panahon at kung paanong ang piyudalismo at manoryalismo ang sistemang nag-organisa sa buhay ng mga tao noon.

Samantala, ang ilan pang kaganapan sa pagtatapos ng Gitnang Panahon gaya ng paglakas ng agrikultura, muling pag-unlad ng mga bayan, pagkatatag ng mga unibersidad, at paglakas ng monarkiya ay makapagpapabago sa kamalayang pandaigdig ng mga Europeo na unti-unting magbibigay daan sa pagsilang sa Modernong Panahon.



PAGLILIPAT

Sa bahaging ito ng modyul, handa ka nang ilapat ang iyong natutuhan mula sa aralin sa buong yunit mula sa Panahong Klasikal hanggang sa Panahong Transisyunal. Isagawa mo ang inaasahang pagganap. Sundin ang ibinigay na mga panuto. Mamarkahan ang iyong gawa batay sa rubrik.



GAWAIN 8. Pagtatalumpati

Lider ka ng isang *Non-Government* na inatasang magbibigay ng isang talumpati na makapagpapahayag ukol sa mga makabagong krusada na tutugon sa mga napapanahong suliranin ng mundo. Ang opisyaes ng Lokal na Pamahalaan ay ang siyang magiging pangunahing tagapakinig ng talumpati na gagawin sa pagdiriwang ng *International Volunteer’s Day* sa buong mundo sa ika-5 ng Disyembre at bilang paggunita nito sa inyong bayan, magdaraos ng kumperensiya ang iba’t ibang NGO’s at ikaw ang siyang kinatawan ng iyong grupo.

Ang iyong talumpati ay susuriin batay sa mga sumusunod na pamantayan:

1. Panimula
2. Nilalaman o Katawan ng Talumpati
3. Kongklusyon o Pagwawakas
4. Paggamit ng mga Salita
5. Kilos at Galaw
6. Oras (Tatlong Minuto)

RUBRIK SA PAGGAWA AT PRESENTASYON NG TALUMPATI

PAMANTAYAN	NAPAKAHUSAY 4	MAHUSAY 3	NALILINANG 2	NAGSISIMUL A 1
PANIMULA	Nakuha ang atensyon ng mga nakikinig dahil sa malinaw at napaka-epektibong paggamit ng mga paksa, datos at ideya sa simula ng talumpati ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada	Nakuha ang atensyon ng mga nakikinig dahil sa natukoy at malinaw ang paggamit ng mga paksa, datos at ideya sa simula ng talumpati ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada	Nakuha ang atensyon ng mga nakikinig sa ilang bahagi ng talumpati dahil sa natukoy ng maayos ang ilang mga paksa, datos at ideya sa simula ng talumpati ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada ngunit may mga bahagi na	Sinimulan sa pagbabasa ng talumpati, hindi nakuha ang atensyon ng mga nakikinig at hindi naipaliwanag ng malinaw ang mga paksa, datos at ideya sa simula ng talumpati ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada

			kailangang linawin pa.	
NILALAMAN O KATAWAN NG TALUMPATI	Malinaw at malalim ang pagpapahayag ng adbokasiya ukol sa makabagong krusada dahil ito ay mayroong mga datos at iba pang mga dagdag na kaalaman na nasusuportahan ng mga dokumento	Malinaw ang pagpapahayag ng adbokasiya ukol sa makabagong krusada dahil ito ay mayroong mga datos na nasusuportahan ng mga dokumento	May ilang pahayag na kailangan ng pagpapaliwanag na nasusuportahan ng mga datos at mga dokumento	Hindi malinaw ang mga pagpapahayag dahil ito ay hindi nasusuportahan ng mga datos.
KONGKLUSYON O PAGWAWAKAS	Napukaw ang atensyon ng mga nakikinig dahil sa napakahusay at kakaiba na pagbubuod ng talumpati at pagbibigay ng malinaw na posisyon/ argumento ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada	Napukaw ang atensyon ng mga nakikinig dahil sa maayos na pagbubuod ng talumpati at pagbibigay ng posisyon/ argumento ukol sa adbokasiya ng isang makabagong krusada	Winakasan ang talumpati sa pamamagitan ng matamlay na pagbubuod nito.	Hindi naging malinaw sa mga nakikinig ang huling bahagi ng talumpati dahil hindi nakapagbigay ng pangwakas na pahayag.
PAGGAMIT NG MGA SALITA	Ang mga salitang ginamit ay makulay at nakatulong sa pagiging epektibo ng talumpati. Walang salita ang nabanggit ng may kamalian. Hindi gumamit ng mga <i>vocalized pauses</i> (um uh er etc.)	Ang mga salitang ginamit ay sapat at nagbigay ng linaw sa talumpati. Walang nabanggit na mga maling salita	Ang ilang mga salitang ginamit ay hindi nakatulong sa pagiging epektibo ng talumpati. May mga nabanggit na maling salita. Gumamit ng mga <i>vocalized pauses</i> (um uh er etc.)	Maraming salita ang nagamit na hindi nakatulong sa pagiging epektibo ng talumpati. Maraming nabanggit na maling salita. Gumamit ng mga <i>vocalized pauses</i> (um uh er etc.)
KILOS AT GALAW	Nagamit ng wasto at epektibo ang kilos ng katawan at interaksyon sa mga nakikinig (<i>eye contact</i>) para maipaliwanag ang	Nagamit ng wasto ang kilos ng katawan at interaksyon sa mga nakikinig (<i>eye contact</i>) para	Ang ilang kilos ng katawan ay hindi nakatutulong para maipaliwanag	Hindi angkop ang mga ipinakitang kilos sa harap ng mga nakikinig kaya hindi naging

	kabuuan ng talumpati.	maipaliwanag ang kabuuan ng talumpati.	ang kabuuan ng talumpati.	epektibo ang talumpati.
ORAS (TATLONG MINUTO)	Natapos sa itinakdang oras na di kinakitaan ng anumang pagmamadali.	Natapos sa itinakdang oras.	Natapos ang talumpati ngunit lumampas sa itinakdang oras.	Natapos ang talumpati ngunit may mga bahagi na nautal at lihis sa tinakdang oras.



Marami at malalim na ang iyong karunungan ukol sa Midyibal na Panahon. Alam mo ba kung paano mo natutuhan ang mga aralin? Ano-ano na ang iyong alam? Ano ang aplikasyon nito sa iyong buhay? Pag-isipan mo ang mga ito at kumpletuhin ang *synthesis journal*.

GAWAIN 9. Synthesis Journal

Sagutan ang *synthesis journal* tsart sa ibaba.

Ano ang natutuhan ko?	Anong estratehiya ang ginamit ko para matuto?	Paano ko magagamit ang aking kaalaman?

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Binabati kita! Naisagawa mo na ang mga gawain na nauukol sa pag-unawa sa aralin. Nawa'y naunawaan mo nang lubos ang kahalagahan ng aralin na ito. Bago magtapos ay susukatin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng isang pagsusulit.

PANGHULING PAGTATAYA




Narating mo na ngayon ang katapusang bahagi ng modyul, ang panghuling pagtataya. Sagutan ang lahat ng tanong batay sa iyong napag-aralan. Pindutin lamang ang titik ng pinakatamang sagot. Kung mataas ang iyong makukuha at makakapasa ka ay magpapatuloy ka sa susunod na modyul. Subalit kung ang iyong nakuhang iskor ay hindi pasado, kinakailangang ulitin ang mga bahagi ng modyul na ito na hindi mo naunawaan.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong, i-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Alin sa sumusunod ang hindi katangian ng piyudalismo?
 - a. Sistemang pampolitika
 - b. Nakabatay sa agrikultura sa loob ng manor*
 - c. Malakas ang kapangyarihan ng panginoon
 - d. Nakabatay sa katapatan ng basalyo sa panginoon
2. Alin sa mga sumusunod ang hindi katangian ng manoryalismo?
 - a. Sistemang pampolitika
 - b. Sistemang pang-ekonomiya
 - c. Ang mga pesante ang naglililang sa lupain
 - d. Ang panginoon ang namamahala sa isang manor
3. Ano ang lupaing *fief* ?
 - a. Nilililang ng pesante
 - b. Pagmamay-ari ng pesante
 - c. Ipinamamahagi ng kabalyero
 - d. Pagmamay-ari ng kabalyero

Para sa bilang 4-5, suriing mabuti ang tsart sa ibaba at sagutin ang mga tanong ukol dito.




Mula sa <http://www.castlesandmanorhouses.com/castles/pics/hierarchy.jpg>.

4. Alin sa mga sumusunod ang responsibilidad ng pesante (*peasant*)?
 - a. Magsaka ng lupain
 - b. Magbigay proteksyon
 - c. Magkaloob ng serbisyo
 - d. Magbigay ng serbisyo militar

5. Ano ang relasyon ng kabalyero (*knight*) at panginoon (*lord*)?
 - a. Nagmumula sa panginoon ang pagkain at proteksyon, bilang kapalit ay ipinakakaloob ng kabalyero ang tirahan at serbisyong militar.
 - b. Nagmumula sa panginoon ang lupain at proteksyon, bilang kapalit ay ipinagkakaloob ng kabalyero ang tulong militar.
 - c. Ipinagkakaloob ng kabalyero ang serbisyo militar samantalang nagmumula sa panginoon (*lord*) ang pagkain, tirahan, at proteksyon.
 - d. Ipinagkakaloob ng panginoon ang tulong militar samantalang nagmumula sa kabalyero ang serbisyo, proteksyon, at pagkain.

Para sa bilang 6, pag-aralan ang ilustrasyon ng manor sa ibaba at sagutin ang tanong ukol dito.



Mula sa <http://www.pccua.edu/keough/Wc%20%20I/manorialism.htm>

6. Alin sa mga sumusunod ang hindi makikita sa isang manor?
- taniman
 - simbahan
 - tirahan ng alagang hayop
 - tindahan ng mga produkto

Para sa bilang 7, pag-aralang mabuti ang pinta sa ibaba at sagutin ang mga tanong ukol dito.



http://www.pembrokeandmonktonhistory.org.uk/images/2008_0619jun08olympus0011.JPG


7. Anong mahihinuha mula sa pinta?
 - a. Ang mga kalalakihan ay may malaking partisipasyon sa pamumuno sa kalakalan noong huling bahagi ng Gitnang Panahon.
 - b. Ang pamumuno sa kalakalan noong huling bahagi ng Gitnang Panahon ay nasa kamay ng mga ordinaryong tao.
 - c. Malaki ang tubo ng mga namumuhunan sa kalakalang panlabas noong huling bahagi ng Gitnang Panahon.
 - d. Ang panlabas na kalakalan noong huling bahagi ng Gitnang Panahon ay nakasentro sa mga yamang likas.

Para sa bilang 8, pag-aralan ang iskedyul ng mga gawain ng tao sa isang bayan noong huling bahagi ng Gitnang Panahon sa ibaba. Sagutin ang tanong ukol dito.


Karaniwang Araw ng Mga Taong Naninirahan sa Isang Bayan Noong Gitnang Panahon	
4:00 ng umaga	Misa
6:00 ng umaga	Magbubukas ang mga bilihan at tindahan sa palengke
8:00 ng umaga	Ang mga dayuhan ay pinapayagan nang mangangalakal
9:00 ng umaga	Agahan
3:00 ng umaga	Karamihan ng bilihan at tindahan ay magsasara na
8:00 ng gabi	<i>Curfew</i> - ang mga tao ay nasa loob na ng bahay
Ang mga impormasyon ay mula sa: http://www.bbc.co.uk/bitesize/ks3/history/middle_ages/everyday_life_middle_ages/revision/6/	

8. Batay sa iskedyul, ano ang masasabi ukol sa mga gawain ng tao?
- Mahaba ang tulog ng mga tao dahil sa *curfew*.
 - Malusog ang mga tao dahil maaga silang gumigising.
 - Ang kanilang preokupasyon ay pagdarasal at pagtatrabaho.
 - Karamihan sa gawain ay may kinalaman sa pananampalataya.

Para sa bilang 9-10, pag-aralang mabuti ang mga dokumento sa ibaba at sagutin ang mga tanong.



Mula sa <http://www.medievalwarfare.info/>



9. Batay sa dalawang dokumento sa ibaba, paano naorganisa ang piyudalismo?
 - a. Ang piyudalismo ay umiinog sa relasyon ng basalyo at panginoon dahil sa pangangailangan ng kaayusan sa gitna ng kaguluhan.
 - b. Mabigat ang responsibilidad ng panginoon sa basalyo dahil sa kanyang katayuan sa lipunan samantalang ang panginoon ay mas magaan ang responsibilidad.
 - c. Ang piyudalismo ay naglalayong magbigay ng kaunlaran sa lipunan sa pamamagitan ng responsibilidad ng panginoon at basalyo sa kanilang nasasakupan.
 - d. May pantay na katayuan ang panginoon at basalyo sa pamamagitan ng kanilang magkaparehong responsibilidad sa isa't isa at pribilehiyong tinatamasa.

10. Bakit mahalaga ang piyudalismo?
 - a. Ginarantiyahan nito ang panalo sa digmaan.
 - b. Nagbigay ito ng kaayusan sa gitna ng kaguluhan.
 - c. Naging lehitimo ang digmaan sa pamamagitan nito.
 - d. Pinalakas nito ang kapangyarihan ng basalyo kumpara sa panginoon.

11. Bakit mahalaga ang manor?
 - a. Ang manor ang pinagmulan ng mga bayan at lungsod.
 - b. Ang manor ang sentrong pang-espiritwal ng mga tao noong Gitnang Panahon.
 - c. Ang lahat ng mga pangangailangan ng tao para mabuhay ay nagmumula sa manor.
 - d. Lumakas ang kapangyarihan ng mga pesante dahil sa pamamalakad sa mga manor.

12. Paano nagkakatulad ang manor at lungsod o bayan?
 - a. Nakasentro ang ekonomiya sa kalakalan ng kapwa manor at lungsod o bayan.
 - b. Pareho itong may kakayahan sa produksyon ng lahat ng pangangailangan na hindi umaasa sa kalakalan.
 - c. Makikita ang simbahan sa parehong manor at lungsod o bayan na malaki ang papel sa espiritwal na pamumuhay ng mga tao.
 - d. Ang bawat isa ay may kutsilyo kung saan naninirahan ang mga panginoon, kagubatan kung saan sila nangangaso at bukid kung saan nagtatanim ng produkto ang mga pesante.

13. Bakit mahalaga ang muling pag-usbong ng mga lungsod at bayan noong huling bahagi ng Gitnang Panahon?
 - a. Napatatag ang relasyon sa pagitan ng panginoon at basalyo.
 - b. Lumakas ang kapangyarihan ng panginoon.
 - c. Lumawak ang mga nasasakupang manor.
 - d. Naging malaya ang mga pesante.

14. Paano lumakas ang panggitnang uri noong Gitnang Panahon?
 - a. Ang mga manor ay unti-unting pinamunuan ng mga mangangalakal.
 - b. Ang produksyon mula sa manor ay pinagkakitaan ng mga mangangalakal kung kaya't sila ay yumaman.
 - c. Nagkaroon ng mataas na reputasyon ang mga mangangalakal dahil sa kanilang kahusayan sa pagtupad ng obligasyon sa kanilang mga basalyo.
 - d. Ang paglakas ng kahalagahan ng pera bilang batayan ng ekonomiya kumpara sa lupa ay nagbigay ng politikal na kapangyarihan sa mga mangangalakal.

15. Bilang lider ng organisasyon ng mga magsasaka sa hasyenda, paano mo ipaglalaman ang karapatan sa lupa ng mga magsasaka?
 - a. Gumawa ng anunsiyo sa pahayagan na nagpapaktia ng mga katangian ng hasyenda.
 - b. Pagpapatitulo sa lahat ng lupa sa ilalim ng pangalan ng organisasyon bago ang pakikipagpulong sa may-ari upang masiguro ang pagsasalin ng pagmamay-ari.
 - c. Pakikipagpulong sa kinatawan ng Department of Agrarian Reform at may-ari ng lupa at pagdaan sa demokratiko, makatarungan, at epektibong proseso at gawain.
 - d. Makipagkasundo sa may-ari ng hasyenda na mabigyan ng porsiyento sa kita ng produkto mula sa hasyenda ang mga magsasaka sa halip na lupa upang masigurong kikita sila.

16. Bilang isang tagapamahala ng lupain, anong paraan ng pagsasaka mula sa Gitnang Panahon ang maaari mong isagawa upang mapanatiling mataba ang lupa?
 - a. Pagtatanim ng iisang uri ng tanim kagaya ng gulay upang lumaki ang kita.
 - b. Pagdidilig ng mga tanim nang maraming beses sa loob ng isang araw upang masigurong ang mga ito ay hindi matutuyo.
 - c. Paghahati sa lupain sa tatlong bahagi at pagpapanatiling walang tanim ng isa sa mga bahagi sa loob ng buong panahon ng pagtatanim.
 - d. Pagtatanim lamang nang paulit-ulit sa isang bahagi ng lupain upang ang ibang bahagi ay hindi magamit at mawala ang sustansiya ng lupa.

17. Bilang manunulat ng isang programa sa radyo na isang drama na nagpapakita ng mga piyudal na relasyon, paano mo tututulan ang ilang ugali at pananaw ng Panahong Midyibal na nakasasama sa lipunan?
 - a. Ipakita na ang mga kababaihan ay kapantay ng mga kalalakihan at kailangang irespeto bilang tao at hindi dahil sa sila ay mahina.
 - b. Ipakita na ang mga panginoong maylupa ay nagmamagandang loob sa mga pesante kaya tungkulin ng mga pesante na tumanaw ng utang na loob.
 - c. Ipaunawa sa mga tagapakinig na ang mga kasalukuyang hasyenda ay ang dating mga manor at kailangan ng mga basalyo upang magserbisyo sa panginoon.
 - d. Ipaunawa na ang lipunan ay hayarkikal upang maging maayos- ang nasa itaas ay ang mga mayayaman, sumunod ang gitnang uri, at ang pinakamababa ay ang mga mahihirap.

18. Bilang isang makabagong kabalyero o *knight*, sa paanong paraan mo maipakikita ang katapatan sa produktibong paraan?
 - a. Pagsunod sa sinasabi ng ibang tao nang hindi nagtatanong.
 - b. Hindi papalit-palit ng paboritong mga artista, musikero, at mang-aawit.
 - c. Hindi pagpunta sa ibang bansa upang magtrabaho, mamasyal, o mag-aral.
 - d. Pagpapakita ng sipag at tiyaga sa pagtapos sa mga gawain sa paaralan upang makamit ang mga layuning itinakda para sa sarili.

19. Bilang isang *urban planner*, anong aspekto ng lungsod ang iyong pagtutuunan ng pansin upang maiwasan ang mga problema gaya ng kawalan ng kaayusan?
 - a. *Zoning* o paglalagay ng mga demarkasyon sa mga lugar gaya ng residensyal o komersyal.
 - b. Pagdidikta kung saan dapat manirahan ang bawat pamilya.
 - c. Paglalagay ng mga *billboard* para sa mga produkto.
 - d. Pagtatanim ng mga prutas at gulay sa lansangan.

20. Noong Gitnang Panahon ay may malakas na kapangyarihan ang simbahan. sa Pilipinas sa kasalukuyan ay malaki pa rin ang papel ng simbahan sa paglutas sa mga suliraning panlipunan. Bilang isang miyembro ng simbahan, sa paanong paraan ka makapag-aambag sa paglutas sa mga panlipunang suliranin gaya ng kahirapan?
- Pag-aanunsiyo sa *media* tungkol sa kahirapan.
 - Pagtitipid sa pera upang maipakita ang pakikiisa sa mga mahihirap na tao.
 - Pagbibigay ng limos sa mga pulubi at walang trabaho upang makatulong sa pang-araw-araw na gastos.
 - Pagsali sa mga organisasyon at gawaing naglalayong makalikom ng pondo para sa proyekto para sa mga maralita.

TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

Basalyo – nagbibigay ng serbisyo sa panginoon kapalit ng mga pangangailangan at pribilehiyo

Kabalyero- mandirigma sa Gitnang Panahon

Manor- lupain na may kakayahan sa pagprodyus ng mga pangangailangan ng mga taong nakatira rito

Manoryalismo – sistemang pang-ekonomiya na nakabatay sa lupain o manor ang kabuhayan ng mga tao.

Panginoon- may-ari ng manor

Piyudalismo- isang sistemang politikal na ang sistema ng obligasyon at karapatan ay namamagitan sa hari, panginoon, kabalyero, at pesante.

TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

http://www.youtube.com/watch?feature=player_detailpage&v=CY8L1MCsiP4

-Maikling *videong* may pamagat na *Barbarians Against Romans*, ukol sa mga *Germanic Tribes* ng Gitnang Panahon

http://www.bbc.co.uk/history/ancient/romans/fallofrome_article_01.shtml

-Nauukol sa Pagbagsak ng Imperyong Romano

<http://www.middle-ages.org.uk>

-*Website* na matatagpuan ang mga impormasyon ukol sa relihiyon, pagkain, musika, mga tao gaya ng mga kabalyero, panginoong maylupa, kababaihan, piyudalismo, kastilyo, krusada, at iba pang aspekto ng Panahong Midyibal

<http://www.kb.nl/manuscripts/>

Koninklijke Bibliotheek, National Library of the Netherlands

-Naglalaman ang *website* ng *database* na mayroong 11,000 *manuscript illuminations* na binubuo ng mga *miniatures*, *historiated initials*, at maging *border decorations* mula sa National Library of the Netherlands at Museum Meermanno-Westreenianum sa The Hague. I-klik lamang ang “browse by subject” at mamili ng mga manuskrito

<http://www.britannia.com/history/resource/gloss.html>

-Glosaryo ng mga termino na ginamit noong Gitnang Panahon. Ang website ay parang diksiyunaryo na mahahanap ang kahulugan ng mga terminong may kinalaman sa monastiko, militar, legal, piyudal, at arkitektural na aspekto ng pamumuhay

<http://www.castleexplorer.co.uk/>

-interaktibong *website* ukol sa mga kastilyo sa Britanya

<http://www.learner.org/interactives/middleages/feudal.html>

-Nakalaan ang website ukol sa pamumuhay sa sistemang piyudal

http://www.historyonthenet.com/Medieval_Life/feudalism.htm

-Makikita rito ang relasyon o ugnayan ng mga tao sa ilalim ng sistemang piyudalismo

<http://www.middle-ages.org.uk/feudalism.htm>

-Tumatalakay sa piyudalismo sa Inglatera

<http://www.historylearningsite.co.uk/Year%207.htm>

-Naglalaman ang *website* ng mga impormasyon ukol sa monarkiya, mga labanan, buhay sa manor, pagkain, bahay, pangalan ng mga tao, simbahan, arkitektura, bayan, batas, at iba pang bagay sa Inglatera sa Gitnang Panahon

<http://www.fordham.edu/halsall/medfilms.html>

-*Database* ng mga pelikula na may tema o nauukol sa Gitnang Panahon batay sa Microsoft's Cinemania at Internet Movie Database. Naririto ang buod ng mga pelikula at mga rebyu ng mga ito mula sa mga *link*

<http://www.britannica.com/EBchecked/topic/362699/manorialism>

-*Encyclopedia entry* sa sistemang manoryalismo

<http://www.timeref.org/>

-Guhit panahon ukol sa mga pangyayari sa Gitnang Panahon mula 800-1499.

<http://europeanhistory.boisestate.edu/westciv/medsoc/04.shtml>

<http://europeanhistory.boisestate.edu/westciv/medsoc/05.shtml>

<http://europeanhistory.boisestate.edu/westciv/medsoc/06.shtml>

-Mga impormasyon ukol sa mga pari at monghe

<http://europeanhistory.boisestate.edu/westciv/medsoc/08.shtml>

-Impormasyon ukol sa mga kabalyero

<http://europeanhistory.boisestate.edu/westciv/medsoc/08.shtml>

-Mga prinsipyong isinasabuhay ng isang kabalyero

http://www.historylearningsite.co.uk/medieval_peasants.htm

<http://www.medieval-life-and-times.info/medieval-life/medieval-peasant.htm>

-Paraan ng pamumuhay ng mga pesante

http://www.bl.uk/learning/histcitizen/medieval/women2/medieval_women.html

-May kinalaman sa estado ng kababaihan sa Panahong Midyibal

http://www.historylearningsite.co.uk/medieval_women.htm

-Naglalaman ng impormasyon ukol sa mga kababaihan sa Gitnang Panahon

<http://www.learner.org/interactives/middleages/townlife.html>

<http://www.learner.org/interactives/middleages/moretown.html>

-Ipinapaliwanag sa mga *website* na ito ang mga katangian at pagkabuo ng mga bayan sa Panahong Midyibal

<http://www.timeref.com/townlife.htm>

-Naglalarawan ito sa bayan noong Gitnang Panahon kabilang ang paksa ukol sa mga *guilds*